

Tagalog
65-0120

**Huwag Kang Manalig sa Iyong Sariling
Kaunawaan**
Lean Not Unto Thy Own Understanding

January 20, 1965
Phoenix, AZ

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

Ang aklat na ito ay malayang maipalimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

Huwag Kang Manalig sa Iyong Sariling Kaunawaan

1 Manatili tayong nakatayo sa loob lamang ng isang saglit upang manalangin. Ilan ba sa mga naririto ang may kahilingan sa kanilang puso, na nais ninyong hilingin upang ang Diyos ay makagawa ng isang bukod-tanging bagay para sa inyo sa kumbensiyong ito? Iyuko natin ang mga ulo natin ngayon sa Kaniya.

2 Makalangit na Ama, kami'y mga taong pinalad ngayong gabi upang magkatipon dito sa Pangalan ng Panginoong Jesus, sa isang malayang bansa kung saan ay maaari Ka pa naming sambahin ayon sa idinidikta ng aming kunsensiya. At dalangin namin, Ama, na nawa'y magtagal pa ito. At ngayon, nawa ay samantalahin namin ang dakilang pribilehiyong taglay namin ngayon. At ituon nawa namin ang buong puso namin sa gawain ngayong gabi upang manambahan sa Iyo, nang sa gayon ay magawa naming sabihing nakasama namin ang Diyos sa gabing ito, pinagpala Niya ang Kaniyang bayan. Iligtas Mo po ang bawat kaluluwang ligaw na naririto ngayong gabi, Panginoon. At bawat taong nagbalik sa kasalanan, nawa'y magsibalik sila sa bahay ng Diyos. Idinadalangin ko ang bawat taong may sakit, na nawa'y magsigaling sila, ang mga may karamdaman nawa'y makalakad na, at ang bulag nawa'y makakita, at ang bingi ay makarinig, mabigayan nawa ng papuri at kaluwalhatian si Jesus Cristo sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan. Nawa ay maalala ito sa loob ng mahabang panahon, Panginoon, sapagkat nagkatipon kami at humiling sa Pangalan ni Jesus para sa mga pagpapalang ito. Amen. Maaari na kayong umupo.

3 Para bang sa pagbabalik ko dito sa Ramada Inn, laging ang pakiramdam ko ay nagbabalik ako sa sarili kong tahanan, sa isang paraan, dahil lagi na lang akong naririto hanggang sa, sa — sa pakiwari ko, ay kilala na nila ako. At nagagalak ako dahil diyan, sapagkat nakatagpo ko ang maraming mababait na tao sa mga Ramada Inn na ito. Ang nasa Tucson, at itong isang ito, naging napakabait nila sa amin, pinapayagan kaming magdaos ng mga gawain. Hindi pa katagalan, nagdaos ako ng sarili kong gawain doon sa Ramada Inn, at ni ayaw akong pagbayarin ng manager ng renta sa gusali. Talagang napakainam n'on. Aalalahanin ko rin iyan sa aking pagtawid sa mga lalawigan, ang mga taong mababait sa sambahayan ng Diyos.

4 Ngayon, nagkaroon na tayo, simula pa noong Linggo ng gabi, o Linggo ng hapon pala, ng ilang napakainam na panahon sa Panginoon, o kahit paano'y masasabi ko iyan para sa aking sarili. Nagkaroon ako ng napakagandang

panahon ng kasiyahan gawa ng Kaniyang mga pagpapala, sampu ng pakikisama sa Kaniyang Espiritu Santo at sa Kaniyang bayan.

5 Na — nais kong alalahaning sama-sama tayong sumasamba sa Diyos. Isa kang katangian, bahagi ng Diyos kapag ika’y naging isa nang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos. At ang Diyos ay nananahan sa iyo, tinutupad ang Kaniyang kalooban, kung hahayaan mo Siyang gawin ito.

6 Kaya’t umaasa tayo sa gabing ito na kalilimutan ng bawat tao ang mga bagay na naganap sa mga nagdaang araw, at isaisang-tabi ang lahat ng bagay, at ituon lang natin ang mga puso natin sa gawain; hindi lamang sa gabing ito, kundi maging sa darating na kumbensiyon. Walang dudang napakarami nang mga delegado ang nagkatipon. At nakikita ko ang ilan sa kanila sa entablado, nagtitipun-tipon sila para sa kumbensiyon na magsisimula bukas. At hinihiling ko sa mga taong naririto ngayon gawa ng revival na idinaos natin, na kung maaarin lang, nais ko sanang manatili pa kayo para makadalo kayo sa kumbensiyon. Mahuhusay ang mga nakalistang mga tagapagsalita. Hindi makararating ang isang kapatid, at — ngunit marami ang paririto na maaaring pumalit sa kaniya. Ako nga, nais ko ring makadalo sa kabuuan ng kumbensiyon, at nang masiyahan ako sa pagsasama-samang ito.

7 Alam n’yo, pumapanhik kami rito bilang mga ministro, at nagsasalita kami, at lagi na lang kaming nagbibigay sa mga tao ng lahat ng nasa amin. Nangaral ako ng isang paksa minsan, kung saan ay sinabi ni Jesus, “Tingnan ninyo ang mga lirio, kung paanong hin — hindi sila nagpapagal at naghahabi, gayon man ay sinasabi Ko sa inyo na si Solomon, sa kabila ng angkin niyang kaluwalhatian, ay hindi naramtan nang gayon.” At natuklasan ko na kailangan palang tumubo ng lirio araw at gabi, humahabi siya at nagpapagal, para pagandahin ang sarili niya. Ngunit wala siyang nakukuhang pagpapala para sa sarili. Bubuksan niya ang sarili niya, at — at inaamoy ng nagdaraan ang pabangong nagmumula sa kaniya. Sinisipsip ng bubuyog ang matamis na katas niya mula sa kaniyang pinaka puso. Ipinamimigay niyang lahat ang mga bagay na pinagpapagalan niyang makuha. At pinamagatan ko ang mensahe ko ng, Kagalang-galang na Ginoong Lirio, kaya’t medyo kakaiba ang tekstong iyon.

8 Ngu — ngunit ibinibigay ng mga ministrong ito ang sarili nila sa mga tao, at isang mabuting bagay kung gayon ang magawa mong umupo at — at makinig sa iba. Para itong pagdadarang sa apoy, nais nating maupo sa tabi ng init ng lagablab ng apoy ng bawat isa at painitin natin ang mga puso natin sa pamamagitan ng Ebanghelyong ipinangangaral ng mga kapatiran nating kalalakihan sa mga tao. At nagpapasalamat ako na mayroon akong pagkakataon upang magawa ko ito.

Nananalig sa Iyo,
 Cordero (Tumingin tayo sa Kaniya ngayon.) ng Kalbaryo,
 Manliligtas;
 Dalangin ko'y dinggin,
 Sala ko'y pawiin,
 Diyos, magmula ngayon,
 Sakupin Mo!
 Pagsapit ng dilim,
 Puso'y naninimdim,
 Akayin Mo;
 Pagliwanagin Mo,
 Ang buhay kong ito,
 Tulutan Mo akong
 Ibigin Ka.

255 Amen. Ang kongregasyon ay magsabi ng, "Amen." [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen." –Ed.] alleluia.

Oh, Siya'y purihin;
 Ang Corderong pinaslang;
 Luwalhatiin Siya't purihin.

Dugo Niya ang humugas sa'tin. Amen.

256 Napakaganda. Mabuti, maaari na ba tayong yumuko para sa benediksyon. Hindi ko alam kung sino ang naatasang gumawa nito. Si Brother Johnny Manadal, na taga-California, habang nakayuko tayo . . . Ngayon, huwag ninyong kalilimutan ang gawain bukas, iyon ang kauna-unahan, ang pasimula. Bukas ng gabi, dito gaganapin ang kumbensiyon, dito mismo sa bulwagang ito sa ganap na ikapito't kalahati.

257 Pagpalain kayo ng Diyos. Nasiyahan ba kayo sa Presensiya ng Diyos? Amen. [Nagsabi ang kongregasyon ng, "Amen." –Ed.] Ngayon, yumuko tayo habang isinasara ni Brother Johnny ang gawain.

9 At ngayon, nananalig ako na sa gabing ito . . . Sinabi sa akin ni Billy na naipamigay niyang lahat ang mga prayer card. At hindi tayo maaaring gumawa ng pila ng panalangin dito ngayon gustuhin man natin. Kita n'yo, kailangan mo pang lumabas at lumibot doon, at dadaan ka sa madilim na pasilyo, at dadaan ka sa gawing ito para makalapit dito. Marami kang matitised bago ka makapunta rito. At ang mga may dinaramdam at ang mga lumpo ay mahihirapan nang husto kapag ginawa nila iyan.

10 Ngunit hindi natin alam kung ano ang maaaring gawin ng ating Panginoon. Maaari Siyang pumarito sa kalagitnaan natin sa gabing ito at — at pagalingin Niyang lahat ang mga naririto, ang lahat ng may sakit. O mas gugustuhin kong makita ang gayon kaysa lahat ng pila ng panalanging nagawa ko na sa tanang buhay ko, ang — ang makita ang kasarinlan ng Diyos na bumababa sa mga anak Niyang masunurin. Sa — sa tuwina'y iyan ang gusto kong makita.

11 Karaniwang kapag mayroon kang personal na pakikiugnay sa mga tao gaya ng pagpapatong ng kamay, maaaring, sa palagay ko'y hindi gasinong marami ang nais gumawa niyan, buweno, ang sasabihin nila, "Pinatungan ako ng kamay ng isang ministro, at luwalhati sa Diyos . . ." Tuloy ay sa ministro na nakatingin ang mga tao.

12 Ngunit kung magagawa mong tumayo rito at ipangaral ang Salita, at hahayaan mong pagalingin ng Espiritu Santo ang bawat isa, kung gayon ay may — walang pasubaling biyaya lamang iyon ng Diyos. At kung magkakagayon ay napupuntang lahat ng papuri sa Diyos, pati na ang luwalhati, walang anumang napupunta sa iba. Iyan ang dahilan kung bakit . . . Sa lingkuran ko, kaya hindi ako nagpapapila ng sobrang dami, maliban na lang . . . Ngayon, kagabi ay sinikap nating manalangin sa napakaraming tao hangga't kaya natin. Ngunit ang pagpapatong ng mga kamay . . .

13 At karaniwang sa gabi, marahil ay darating ang Espiritu sa kalagitnaan natin at ipamamalas Niya ang Sarili Niya sa ating kalagitnaan. At sa pamamagitan nito, sa palagay ko ay magiging tunay ito kung makakikilos Siya nang may kasarinlan . . . Kita n'yo? Hindi ko maaaring sabihin, "Ang lalaking ito, o ang babaeng ito, o ang batang iyon." Kita n'yo? Kikilos ang Espiritu Santo sa buong gusali at mangungusap Siya sa kaninumang nais Niyang kausapin. Kita n'yo, iyan ang kasarinlan. Kung magkagayon, iyan ang nagdadala ng kaalaman sapagkat pangako ito ng Diyos, at iyan ang nagdadala ng kaalaman ng — ng — kasarinlan ng Diyos at dinadala rin nito ang Presensiya Niya sa atin. Dapat nating makita ito at ikagalak natin ito . . . Kahit pa . . .

14 Baka sabihin mo, “Buweno, pilay ang kamay ko. Naroon ako kagabi. Hi — hi — hindi naman ako umigi.” Wala iyang kinalaman dito. Para sa iyo, tapos na iyon. Hindi ka nakatingin sa kamay mo kung gayon; nakatingin ka na sa pangako. Nakikita mo ba? Kaya nga hindi mo maaaring sabihin, “Buweno, hindi nanalangin si Brother *ganito-at-ganoon* ng panalanging may lakip na pananampalataya, o kaya’y si *ganito-at-ganoon*.” Ang Presensiya ng Panginoon ang nagbibigay sa iyo ng pananampalataya (Kita n’yo?), at pagkatapos ay isinugo Niya ang Kaniyang Salita at pinagaling Niya sila.

15 Ngayon, kagabi mu — muli ko na namang sinira ang pangako ko. Titiyakin kong tutuparin ko na ito ngayong gabi, kung magagawa ko. At ngayon, may nagsabi, “Hindi ka nakapanatili sa teksto mo kagabi.” Hindi, ta — talagang hindi; sapagkat sasabihin ko sa inyo kung bakit. Mangangaral sana ako tungkol sa isang paksa, ngayon nalimutan ko na tuloy kung ano iyon, “Ang Diyos na Mayaman sa Awa.”

16 At sinubukan kong ipaliwanag kung paanong si Pablo, nang mangusap siya roon, ang sabi niya, “Tayo na noong mga nagdaang panahon,” minsan, ibang panahon bukod sa ngayon, “tayo’y mga patay at nasa kasalanan at mga pagsalangsang; na binigyang-buhay ng Diyos, binuhay, ginawang buhay . . .” Ngayon, kita n’yo, bago mabigyang-buhay ang anumang bagay, dapat ay may isang bagay doon na maaaring buhayin. Tama.

17 Kaya makikita n’yo na kung ikaw ay nasa paunang kaalaman ng Diyos, kung gayon ay nagiging bahagi ka ng Diyos, at hindi kumpleto ang Diyos kung wala ka. Kailangang magkaganiyan. Tama ‘yan, sapagkat iisa lang, iisa lamang ang pinagmumulan ng Buhay na Walang Haggan, at iyon ay ang Diyos, at Siya lamang ang may Buhay na Walang Hanggan. Kita n’yo? Ngayon, at bahagi ka Niya dahil isa kang katangian, o nasa isipan ka na Niya sa pasimula. At dahil inisip ka Niya sa pasimula, nagbibigay iyon ng munting hatak patungo sa Kaniya. Iyon ang kailangang buhayin. Ang iba sa kanila ay hindi maaaring buhayin; sadyang wala sa kanila iyon; iyon lang.

18 Tulad ito ng pagbabaon ng butil ng mais sa ilalim ng lupa, wala iyong . . . Kahit pa gaano iyon kaganda, kung wala iyong punlang-binhi ng buhay, hindang-hindi iyon maaaring mabuhay. Ngunit kailangan ay naroroon muna ang punlang-binhi ng buhay.

19 Kinuha ko ang munting kwento tungkol sa agila, na kasamang naglalakad ng mga inahin at ng mga manok dahil doon siya napisa at sumilang, ngunit hindi naging katulad ng mga manok ang damdamin niya. At alam n’yo, nang magdaan ang ina niya at sumigaw ito, nakarinig siya ng isang tinig na napakaganda sa pandinig niya, sapagkat, alalahanin n’yo, agila naman talaga

man. Nawa ang Espiritu Santo ng Diyos ay dumaan sa karamihang ito sa sandali ring ito. Marami sa kanila ng nagsilapit at tinanggap Ka nila bilang Tagapagligtas; maraming backslider ang nagsitanggap sa Iyo at nagbalik-loob. O Diyos, dalangin ko na sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay pagalingin Mo ang bawat isa. Ang sabi Mo, “Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya; kung ipapatong nila ang kamay nila sa may sakit, ay magsisigaling sila.” Ipinangako Mo ito, Panginoon, at ang mga anak Mong sumasampalataya ay nagpapatungan ng kamay sa isa’t isa.

251 Satanas, talunan ka na. Lumabas ka sa mga taong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Pawalan mo ang mga taong ito alang-alang sa kaharian ng Diyos, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

252 Lahat ng naniniwalang si Jesus Cristo ngayon ang inyong Tagapagpagaling, at ang inyong Tagapagligtas, at nais ninyo Siyang tangppin sa gayon ding batayan, magsitayo kayo ngayon, sabihin ninyo, “Tinatanggap ko po ngayon si Jesus bilang Tagapagpagaling, at Tagapagligtas ko.” Napakaganda. Purihin ang Panginoon. Pasalamat ninyo ang Panginoon ngayon, itaas natin ang ating mga kamay at awitan natin Siya.

Pupurihin, Siya’y pupurihin,

Ang Corderong pinaslang;

Luwalhatiin Siya’t purihin,

Dugo Niya ang humugas sa’tin.

253 Oh, hindi ba’t maganda ang pakiramdam ninyo? Ikaway ninyo ang inyong mga kamay. Ay naku. Awitin nating muli.

Pupurihin, Siya’y pupurihin,

Ang Corderong pi- . . . (Alalahanin n’yo, siya ring kahapon,

Ngayon, at magpakailanman, ganiyan ang Cordero.)

Luwalhatiin Siya’t purihin,

Dugo Niya ang humugas sa’tin.

254 Gusto ba ninyo iyon? Umabot ang bawat isa sa inyo at makipagkmay kayo sa iba. Ito na ang pamamahinga natin sa gawain, upang pasimulan ang kumbensiyon. Sabihin n’yo, “Pagpalain ka ng Diyos, manlalakbay. Pagpalain ka ng Diyos.” Mainam. Mabuti. Napakaganda. Ngayon, naniniwala na kayong magiging maganda ang kumbensiyon natin pagkatapos nito? Pinasalamat natin ang Diyos dahil sa napakagandang gawain, ngayon naman ay magkakaroon tayo ng isang napakagandang kumbensiyon. Lahat ng naniniwala rito, magsabi ng, “Amen.”

Ngunit naparito Ka ngayon sa aming kalagitnaan, at ipinaalam Mo sa amin na naririto Ka, at sinasamapalatayanan iyan ng mga lalaki't babaeng naririto at tinatanggap nila.

245 Diyos, dalhin mo ang bawat isa sa amin sa Iyong sinapupunan, at itago Mo sila sa Bato ng mga Kapanahunan hanggang sa humupa na ang mga apoy. Malapit na kaming masunog, Panginoon. Batid namin ito. Naririto na naman kaming muli sa Sodoma. Ngunit ang matuwid ay hindi kasamang mapapahamak ng nagkasala. Tatawagin Mo ang Iyong mga anak, Panginoon. Ang sabi Mo kay Lot, “Lumabas ka riyan. Lumabas ka.” Dalangin ko, Diyos, na nawa bawat isang nasa ganiyang kalagayan sa gabing ito, na naroon pa hanggang ngayon, hindi niya tiyak kung saan sila nakatayo . . .

246 Diyos, hindi sila mangangahas na pumasok sa isang one-way na kalsada, na salungat sa daloy ng sasakyan. Hindi sila mangangahas na tumuloy kung pula na ang ilaw, kung nasa tamang pag-iisip sila, sapagkat baka mamatay sila. Kung gayon ay paanong magagawa ng isang tao ang magbakasakali tungkol sa kaniyang walang hanggang hantungan, nanghuhula lamang sila, nagbabaksakali, nangangahas nang walang kapamahalaan, dahi lang sa kabilang sila sa isang iglesia o isang denominasyon? At ang totoo ay hindi nila — hindi nila maunawaan kung paanong ang Salita ng Diyos ay siya pa ring ngayon, mula pa noon, kung paanong ang mga pangakong ito ay maipamamalas. “Ang kapanahunang apostoliko ay lumipas.” Tulungan Mo sila, ama. Itinatagubilin ko sila sa Iyo sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

247 Salamat sa iyo brother, sister. Nagagalak akong tawagin kang brother, sister.

248 At alalahanin n'yo, pananagutan ko sa Diyos ang bawat salaita, sa araw ng paghuhukom. Lath ngipinangaral ko sa gabing ito, kailangan kong panagutan ito. Nalalaman ko iyan. At ano ba ang ginawa ko simula pa sa aking pagkabata, ipinangaral ko ang Ebanghelyong ito, pagkatapos ay maitatakwil lang ako?

249 Ngayon, ilan ba sa inyo ang may sakit at may dinaramadam sa gabing ito at nais ninyong maipanalangin? Itaas n'yo ang kamay ninyo. Ngayon, maaari bang gawin n'yo ang isa pang bagay para sa akin? Ipatong ninyo ang inyong mga kamay sa isa't isa. Magpatungan kayo ng kamay. Bawat isa sa inyo, iyuko ninyo ang inyong mga ulo, na para kayong nasa loob ng simbahan, dito sa entablado.

250 Mahal na Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa — Kaniyang Presensiya, sa binindikang Presensiya . . . Ang Salitang naipangaral ang siyang nagpatunay na Ikaw ay hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan

siya. Kailangan lang niyang masumpungan ang sarili niya, malaman ang tama niyang kalagayan.

20 At ganiyan ang bawat mananampalataya. Hindi ka isinilang para sa sanlibutang ito. Nilikha ka ayon sa wangis ng Diyos upang maging isang anak ng Diyos. Hindi ka dapat mapabilang sa bakurang ito ng manok. Isa kang agila.

21 At alam n'yo, nang talakayin ko na ang tungkol sa “agila” ay hindi na ako muling makatungtong sa lupa, kaya't ako'y . . . napahaba ako, at nakalimutan ko na kung ano ang teksto ko, at na — naiwala ko ang mga tala ko at lahat na. Nahirapan talaga ko. Ngunit iyon ang nangyari, dahil lang iyon sa “agila.”

22 Ngayon, nawa ang Agiliang iyon, ang Diyos . . . Alam n'yo, itinutulad ng Diyos ang Kaniyang mga propeta sa mga agila. At ang tawag Niya sa Sarili Niya ay Agila; Siya si Jehova Agila, Amang Agila.

23 At kaya Niya ginagawa iyon, mas mataas ang lipad ng agila kaysa alin mang ibon, dahil iba ang pagkakalikha sa kaniya sa ibang ibon. Ngayon, hindi siya gumagawa ng pugad sa lupa gaya ng ginagawa ng mga manok at ng iba pa, ngunit nagpupunta siya sa mataas at doon siya namumugad.

24 At isa pa, isa siyang ibong bukod-tangi ang pagkakagawa. Ngayon, kung ang isang - kung ang isang lawin, o kaya'y ang uwak, o ang buwitre, o alin mang ibang ibon ay susubok na sumunod sa kaniya doon sa kalangitan, magkakalasug-lasog ito; hindi kasi siya ginawa para dito. Kailangan niyang maging isang bukod-tanging persona para siya makarating doon sa itaas. Mas matibay ang mga balahibo niya kaysa alin mang ibang ibon.

25 At — at ang mga mata niya ay higit na matalas kaysa alin mang ibon. At habang tumataas ang lipad niya, lalong lumalayo ang naaabot ng paningin niya. Buweno, ang ilan sa mga ibong iyon, kapag nakalipad na sila ng ganoon kataas, nabubulag silang parang paniki. At ganiyan ang . . . Buweno, kapag iniwan na nila ang kredong iyon, wala na silang anumang nalalaman tungkol doon. “Ang mga araw ng himala ay tapos na.” Bakit? Hindi kasi nila makita.

26 Ngunit ang mga agila ay nakarating sa kalangitan at maging sa kalangit-langitan doon sa itaas. Ano bang buti nito kung makarating ka nga doon sa itaas pero hindi ka naman makakita? Oh, lubos akong nagagalak na isa ako sa kanila, at nakasama ko ngayon ang isang pugad na punung-puno ng mga ito.

27 Bumuklat tayo ngayon sa Lumang Tipan, sa Aklat ng mga Kawikaan na isinulat ni Solomon, isa sa pinakamatalinong lalaki sa buong mundo, bukod sa ating Panginoong Jesus. Ngunit hindi naman talaga Siya katulad na katulad ni Solomon, sa dahilang si Solomon ay isang taong isinilang ng isang babae at naging anak siya ng isang makalupang ama, si David. Ngunit si Jesus ay isang

Anak na Lalaking isinilang ng isang birhen; at hindi lamang Siya tao; ngunit Diyos Siya, ang Diyos na Tao, at higit Siya sa tao; isa Siyang tao at may dagdag pa. Kita n'yo? Ngunit si Solomon ay isa lamang taong tulad mo at tulad ko, at humiling siya sa Diyos ng karunungan upang mapamahalaan niya ang kaniyang kaharian. At mayroon siyang kaloob na karunungan, siya ang pinakamatalinong taong nakilala natin bukod sa ating Panginoon. Siya ang sumulat ng mga Kawikaan at sa palagay ko ay napakaganda ng mga iyon.

28 At bubuklat tayo ngayon sa Aklat ng mga Kawikaan sa unang kabanata, at — o sa ika-2 kabanata pala, at sa ilang unang talata ng Mga Kawikaan, sa ika-2 kabanata, simula sa 1. Mga Kawikaan 2, simula sa 1, ang pagpapatuloy ni Solomon sa kaniyang pagbibigay-payo sa mga anak niya.

Anak ko, kung iyong tatanggapin . . .

29 Ipagpaumanhin niyo. Ang narito sa akin ay Mga Kawikaan 3:1. Ipagpaumanhin niyo. Tiningnan ko kasi dito sa aklat ko at ang nakita ko ay kawikaan 3 sa halip na 1 o 2. Ipagpaumanhin n'yo. Mga Kawikaan 3:1.

Anak ko, huwag mong kalilimutan ang aking kautusan; kundi ingatan ng iyong puso ang aking mga utos:

Sapagkat karamihan ng mga araw, at mga taon ng buhay, at kapayapaan ay madadagdag sa iyo.

Huwag kang pabayaang ng kaawaan at katotohanan: itali mo sa palibot ng iyong leeg; Ikintal mo sa iyong puso:

Sa gayon ay makakasumpong ka ng lingap at mabuting kaunawaan, sa paningin ng Diyos at tao.

Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan:

Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas.

30 Oh, sa palagay ko ay iyan ang pinakamagandang Kasulatan. Ngayon, nais kong kunin bilang teksto, mula sa ika-5 talata, “Huwag Kang Manalig sa Iyong Sariling Kaunawaan.”

31 Ngayon, isa itong napakakatwang teksto para sa araw na ito na kinabubuhayan natin, sapagkat ang binibigyang diin sa araw na ito ay ang edukasyon at ang ating sariling pagkaunawa tungkol sa mga bagay-bagay, dito sa araw na ito ng — ng karunungan. Ngunit makikita natin dito na ang kakatwang pangungusap na ito, gaya rin naman ng ibang mga Kasulatan, mayroon itong tamang lugar, at umaasa tayong ipakikita sa atin ng Diyos kung nasaan ang lugar na iyon.

238 Pagpalain ka ng Diyos. Buweno, pagpalain kayo ng Diyos, kayong dalawa, at ikaw din; at ikaw din, kapatid, ikaw. Pagpalain kayo ng Diyos, lahat kayo. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos, anak.

239 Ngayon, kayong mga nagsitayo, kung umigi ang pakiramdam ninyo matapos ninyong tumayo, itaas lang ninyo ang mga kamay ninyo at nang masabi ninyo sa iba na umigi na ang pakiramdam ninyo matapos ninyong tumayo. Kita n'yo, lahat ng kamay. Kita n'yo? Siyanga, umigi na ang pakiramdam ninyo. Kita n'yo, tapat kasi kayo. Nakatayo ka, ang sinasabi mo, “Magiging isa akong saksi.”

240 “Ang sinumang manindigan para sa Akin dito, ay paninindigan Ko rin doon. Kung ikahihiya Ako ng sinuman dito sa harap ng mga tao, ikahihiya Ko rin siya sa harap ng Aking Ama at sa Kaniyang mga banal na Anghel.” Huwag ninyo Siyang ikahihiya. Huwag kayong manalig sa sarili ninyong mga pangangatuwiran. Manalig kayo sa Salita ng Diyos. “Ang sinumang magpahayag sa Akin sa harap ng mga tao, ay ipapahayag Ko rin sa harap ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel.”

241 Mayroon pa bang iba, bago tayo manalangin? Iyuko natin ang ating mga ulo kung gayon. Pagpalain ka ng Diyos, sister. Siyanga. Pagpalain ka ng Diyos, brother. Tiyak nga. Mayroon pa bang iba, habang nakayuko tayo? Pagpalain ka ng Diyos, ikaw din. Ngayon, tama iyan, nakatayo pa rin sila. Maghihintay lang tayo sandali, sandali lang. Pagpalain ka ng Diyos, brother. Pagpalain ka ng Diyos, sabihin mo, “May kabuluhan ba iyan, ang pagsasabi ng “Pagpalain ka ng Diyos?”” Pagpapahayag ko iyan ng aking pagpapala sa inyo. Pagpalain ka ng Diyos.

242 Ang iba sa inyo na nakatayo sa mga dingding, dahil wala na kayong maupuan, maaari ba ninyong itaas ang kamay ninyo, sabihin n'yo, “Ako, Diyos, ako ba iyon?” pagpalain ka ng Diyos, brother. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw; at ikaw, sister; at ikaw din, brother; at ikaw din, sister.

243 Oh, ang Espiritu Santo ay buong tamis na kumikilos sa mga tagapakinig. Nararamdaman ba ninyo? Pagpalain ka ng Diyos, binata dito sa entablado. Pagpalain ka ng Diyos diyan sa sulok. Pagpalain ka ng Diyos, kabataan. Oo.

244 Oh, Espiritu Santo, kumilos Kang muli sa mga puso namin ngayon. Ipakita Mo sa amin ang aming mga pagkakamali, Panginoon. Hindi kami — hindi kami nananalig sa sarili naming pang-unawa, sa sarili naming pangangatuwiran. Ngunit nananalig kami sa Iyo, sapagkat alam naming nakatayo kami sa iyong Banal, bindikadong pangako sa araw na ito. Naipakilala Mo na ang Sarili Mo nang higit kaysa — higit kaysa anumang pangangatuwiran. Hindi namin ito mapangatuwiran at maipaliwanag.

232 Kita n'yo, huwag kayong mananalig sa sarili ninyong kaunawaan, kundi sa Salita ng Diyos. Kung hindi umaayon ang buhay mo sa Bibliang ito, upang paniwalaa ang bawat Salitang nakasulat dito; at nais mo itong paniwalaan, at nmais mong gawin ng Diyos ang kalooban Niya sa pamamagitan mo, sapagkat maaari kang maging bahagi ng Diyos, maaari ka bang tumayo at sabihin mo, “tatanggap ako ngayon din, kapatid.” Salamat. Alamata. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Kahang-hanga. Pagpalain ka ng Diyos. Itulot nawa ng Diyos sa inyo, tapat ang lahat ng mga taong ito. Sasabihin n'yo . . . Ma — manatili kayong nakatayo, ma- . . .

233 Sasabihin mo, “Isa akong kasapi ng iglesi, Brother Branham, ngunit ang totoo ay isa akong Pentecostal; ngunit pagdating sa pagsasabing maaari kong paniwalaang Katotohanan lahat ang Salita, hindi ko talaga magawa, ngunit na — nais kong maniwala. Tulungan mo ako; ipanalangin mo ako. Nais kong tumayo at sabihin ito. Hi — hindi ko ito magawa, sinabi mong tingnan mo at nakaupo rito, o mag — magpapatotoo ako sa iglesiang ito, na dati akong gayon.” Ngunit alam mong sa kaibuturan ng iyong puso ay hind ka gayon. Alam din ng Diyos na hindi ka gayon (Kita n'yo?), kaya't bakit hindi ka na lang tumayo. Huwag kang mananalig sa sarili mong kaunawaan, bagkus ay manalig ka sa Kaniyang Salita.

234 Maaari ba kayong tumayo, mayroon pa ba? Mayroon pa bang gustong tumayo? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ikaw din. “Tulungan Mo ako Diyos.” Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Mabuti iyan. Manatili lang kayong nakatayo.

235 Sasabihin mo, “Makakatulong kaya iyan sa akin?” subukan mong tumayo minsan, at nang makita mo kung makatutulong ito sa iyo. Gawin mo itong totoo sa iyo, “Nais ko, Brother Branham, nais kong maging matuwid. Nais kong maging matuwid.”

236 Ngayon, hindi ko sinasabing iwan n'yo ang simabahan ninyo. Hindi po. Manatili kayo kung nasaan kayo, maging isa kang tunay na puspos ng Espiritu Santong Cristiano sa loob ng simbahan mo. Sasabihin mo, “Buweo, hindi ko alam kung ano'ng masasabi ng pastor ko.” Pahahalagahan ka niya, kung ika'y — kung tunay siyang tao ng Diyos. Kita n'yo, siyanga.

237 “Pagliwanagin n'yo ang inyong ilaw sa harap ng mga tao upang makita nila ang inyong mabubuting gawa at luwalhatiin nila ang Ama.”

32 Sa araw na ito ay pinapapasok natin ang mga anak natin sa paaralan upang magkaroon sila ng kaunwaan. At pagkatapos nila ng mababang paaralan, pinapapasok naman natin sila sa mataas na paaralan para magkaroon sila ng higit na malinaw na kaunawaan tungkol sa kaalaman. At kapag natapos na nila iyon, ang ibang mga bata ay pinapalad na makatungtong sa kolehiyo, at magtatapos sila ng kolehiyo upang kumpletuhin nila ang kanilang edukasyon sampu ng kaunawaan nila tungkol sa kaalaman. Ang hinihingi sa kanila ng . . . Kadalasan, para matanggap sa trabaho, kailangang kahit paano'y magkaroon ka ng pang-unawa ng mataas na paaralan, o kaya'y ng edukasyon sa kolehiyo, o ng iba.

33 Gayon man, sinabi sa atin ng matalinong si Solomon na huwag tayong sasandig dito, huwag sa sarili nating kaunawaan; huwag tayong sasandig sa mga bagay na ito. Kaya nga nagtataka tayo kung bakit siya nagsasalita ng ganito, ito'y dahil ang ating makabagong kaunawaan ay karaniwang karunungan ng tao, na taliwas sa Salita ng Diyos. Sa palagay ko, iyan ang sinisikap ipayo ni Solomon sa mga anak niya, na hindi naman sa ayaw na niya silang mag-aral, kundi huwag silang sasandig sa pansarili nilang kaunawaan.

34 At sa palagay ko ay magiging isang magandang pahayag ito ngayon, kung sasabihin natin sa mga anak natin at sa mga anak ng Diyos, na walang masama sa pagkakaroon ng edukasyon; wala tayong tutol diyan, ngunit kapag ang edukasyong iyan ay tumaliwas na sa Salita ng Diyos, kung magkagayon ay sumandig ka sa Salita at bitiwang mo na ang edukasyon mo (Kita n'yo?), dahil sa Salita. At pakikinabangan mo ang edukasyon at mabibigyan ka nito ng magandang trabaho, marahil ay mabibigyan ka nito ng magandang katayuan kasama ng mga taong intelektuwal, ngunit, wala namang masama riyang at marahil ay malaki pa nga ang maitutulong nito sa iyo, makatutulong ito sa iyong pinansiyal at sa — sa iyong kabuhayan, giginhawa ka marahil ng kaunti sa buhay.

35 Ngunit alalahanin mo ang isang bagay, anak ko; kailangan mong mamatay. Kahit gaano pa kataas ang ping-aralan mo, o gaano man karaming kalinangan ang maipon mo, kailangan mo pa ring harapin ang kamatayan, sapagkat nasusulat, na kailangang mamatay ng tao, at pagkatapos nito ay ang kahatulan. At ang Diyos, nang . . . Hindi gasinong masama ang kamatayan, ngunit ang pagharap sa kahatulan ang bahaging masama. Ngayon, maaari kang mamatay, “ngunit kasunod nito ay ang kahatulan.” At hindi ka tatanungin ng Diyos kung gaano kataas ang pinag-aralan mo nang naririto ka pa sa ibabaw ng lupa, kung gaano karaming kaalaman ang naipon mo, kung mayroon ka bang Bachelor of Art, o anumang titulo ang nakuha mo, maging bilang isang ministro. Hindi iyan ang ipagsusulit dito.

36 Ngunit ang ipagsusulat mo ay kung ano ang ginawa mo sa kaunawaan mo sa Salita ng Diyos. Iyan ang hihingin sa iyo, sapagkat . . . Mabuti ang iyong edukasyon ngunit ang Salita ng Diyos ay Buhay. “Ang Salita Ko ay Buhay,” at ang malaman Ito ay Buhay. At Siya, ang sabi Niya, “Kilalanin mo Siya.” Siya ang Salita. Kaya’t makikilala mo lamang Siya sa pamamagitan ng Salita. Iyan lang ang tanging paraan upang makilala mo Siya, sa pamamagitan ng Kaniyang Salita.

37 Maaaring may lumapit dito at sasabihin niya, “Ito ay Diyos,” o “Iyan ay Diyos,” o “Ito ay Diyos,” o “Ito ay tama,” at “Iyan ay tama,” ngunit nagbabalik tayo sa Salita, na siyang Katotohanan.

38 At ang Salita ay walang pinagkaiba sa — sa Hilagang Tala; isa itong totoong tala. Kahit paano pa lumutang ang mundo, ang Hilagang Talang iyon ay nakatutok sa gitna ng mundo. Ang kompas n’yo ay nakabatay sa Hilagang Tala. Lagi itong nasa gita ng mundo. Ang ibang mga tala ay nagpapalutang-lutang na kasama ng sanlibutan, ngunit hindi natitinag ang Hilagang Tala.

39 Ngayon, ang kompas ay ang Espiritu Santo, at (ang) iyong posteng-ikitan ay ang Hilagang Tala, kaya’t ang Espiritu Santo ay laging nakaturo sa Salita. Hindi ka aakayin ng Espiritu Santo sa iba pang bagay maliban sa Salita ng Diyos. Kaya’t paanong magagawa ng isang tao na tumanggap sa isang kredo samantalang taliwas ito sa Salita, pagkatapos ay sasabihin niyang nasa kaniya ang Espiritu Santo? Ituturo ka ng Espiritu Santo palayo riyon. Kakailanganin ang Espiritu Santo upang ituro ka sa Salita, sapagkat Siya ang Salita. Siya ang Salita at ang tanging . . . Kung — kung paanong ang magnet ng kompas ay nakabatay sa North Pole, doon lang ito maaaring tumuro. At kung ang Espiritu Santo ang siyang May Akda at Tagasulat, at Siya ang nagbibigay-buhay sa Salita, paano Nito magagawang ituro ang tao sa iba pang bagay maliban sa Salita.

40 Kaya’t kapag sinabi ng isang tao na nasa kaniya ang Espiritu Santo, pagkatapos ay tatanggap siya ng isang bagay na salungat sa Salita, ipinapakita nito na hindi totoong Espiritu Santo ang nasa kanila. Kita n’yo? Maaaring espiritu nga iyon; hindi ko iyan pamamalian, ngunit hi — hindi iyan ang Banal na Espiritu ni — ni Cristo. Ngayon, alam n’yo, kadalasan, ang nakukuha nila ay ang espiritu ng isa’t isa; kaya’t maaaring tumuro iyon sa isang — tulad ng isang lupon ng kalalakihang tumuturo sa isang bagay, ngunit hindi — hin — hindi ito tumuturo kay Cristo. Ngunit ang Espiritu Santo ay laging tumuturo kay Cristo, at si Cristo ay ang Salita.

41 Napakalinaw natin itong makikita sa Biblia. O, ganito ang nakikita ko. Maaaring mali ako, ngunit — sa pag-iisip ng ganito, ngunit sa palagay ko’y hindi; dahil dito. “Huwag kang mananalig sa sarili mong kaunawaan ng mga

upang alisin ang kasalan ng sanlibutan. Dumudulog tayo at sumasampalataya sa bisa ng katubusan. At habang Kaniyang binibindika ang Kaniyang Salita . . .

226 Hindi mahalaga sa akin kung saan ka sumisimba, Metodista, Baptist, Catolico, Presbyterian, o kahit nga wala kang sinisimbahan. Kung kaya mong aminin na iba ang naging pagka-unawa mo, at alam mong hindi ka pa totoong naipapanganak na muli, ngunit nais mong maipanganak na muli at nais mo itong tanggapin ngayon, ang pangako, ngayon. Maaaring hindi ka pa napupuspos ngayon, ngunit mapupuspos ka kapag ang — sa pagpapatuloy ng mga gawaing ito. Kung nais mo itong tanggapin dahil sa mga batayang ito, maaari ka bang tumayo at hayaan mong mag-alay ako ng panalangin para sa iyo habang naririyon ka sa kinatatayuan mo. Ang bawat isang naririto ngayon nakaalam . . .

227 Huwag kayong mananalig sa sarili ninyo, “Oh, sasabihin n’yo, nakapagsalita na ako ng iba’t ibang wika.” Ngayon, walang kinalaman iyan dito. Naniniwala rin ako sa pagsasalita ng iba’t ibang wika. Ngunit nakakita na ako ng mga mangkukulam, mga demonyo, at lahat na ng iba pa, na nagsasalita sa ibang wika at nagbibigay pa nga ng paliwanag. Tama.

228 Tanungin n’yo ang mga misyonerong naririto sa ibaba, maari natin itong malaman, Brother Creech, at alam n’yong tama iyan. Nakakita na ako ng mga taong nagsasalita ng ibang wika, at pagkatapos ay iinom sila ng dugo mula sa bungo ng tao, at tatawag sa Diablo. Siyanga. Nakita ko nang ilapag nila ang lapis, at bigla iyong tumayo at mag-isang nagsulat ng di kilalang wika; at ang mangkukulam, ang salamangka ay tumayo roon, at binasa iyon sa kilalang wika.

229 Kaya’t ang pagsasalita ng iba’t ibang wika ay hindi tanda na nasa iyo ang Espiritu Santo. Kung iyan — at kung magsasalita ka ng ibang wika pagkatapos ay itatanggi mo ang Salitang ito, may kung anong mali kiung saan. Tama, tama. Huwag kayong mananalig sa inyong sariling kaunawaan.

230 Ngayon, may nagsasabi naman, ang sabi, “Buweno, sumigaw ako.” Ako naman. Ngunit huwag kang mananalig diyon.

231 Nakakita na ako ng lahat ng uri ng kapangyarihan ng demonyo na nagsisisigaw at nagtititili. Nakakita na ako ng mga Mohammedan na nagsisisigawan at nagtitilian hanggang sa wala na sa sarili nila, at nagawa nilang patagusin ang maliliit na piraso ng kahoy sa mga kamay nila. Sa India, nakita kong nagsigawan sila at naglulundag, kumukuha sila ng mga bolang puno ng tubig na may mga sima, isasabit iyon sa kanilang mga balat at saka sila lalakad sa nagbabagang uling (Tama), tinatanggi nila si Jesus Cristo.

siya sa bahay; naglayas ang anak niyang babae. Tama. Totoo ‘yan, hindi ba? Itinaas niya ang kamay niya. Gng. Miller, siyanga. Sumasampalataya ka ba? Pauwiin siya ng Diyos, pagagalangin Niya ang pangangatawan mo. Ngayon, ngayon ko lang siya nakita sa tanang buhay ko. Isa siyang — talagang hindi ko siya kilala.

221 Narito ang isang babaeng nakaupo rito sa mga tagapakinig. Hi — hindi siya tagarito; tag-California rin siya. May cancer siya at ang cancer ay nasa dibdib niya. Naoperahan na ang isa niyang dibdib, at lumipat iyon sa kabila. Tama. Gng. Kaland, siyanga. Sumasampalataya ka bang pagagalangin ka ng Diyos? Mabuti, sampalatayanan mo ito. Estranghero ako sa iyo, babae. Hindi kita kilala. Totoo iyan (Kita n’yo?) siya ay . . .

222 Para malaman n’yo na naririto ang Diyos, may isang babaeng nakaupo sa tabi niya. Ang pangalan niya ay Gng. Harris. Hindi kami magkakilala. Ngunit nang mahagip ng Espiritu ang babaeng ito, nakisimpatiya siya sa babaeng ito. Taga-California siya. Tama. At may problema siya sa balikang niya. Tama. Naniniwala ka bang pagagalangin ka ng Diyos? Kung totoo iyan, itaas mo ang kamay mo para makita ng mga tao: hindi kami magkakilala.

223 Huwag kang mananalig sa iyong sariling kaunawaan. Ano ba ang makagagawa niyan? Hindi mo maaaring ipaliwanag iyan. Isa iyang paradox. Hindi iyan abot ng pagpapaliwanag. Tanungin n’yo ang mga taong iyan; ngayon ko lang sila nakita sa tanang buhay ko, wala akong alam na anuman tungkol sa buhay nila. Maaaring magpatuloy ito sa buong gawain.

224 Ngunit tingnan mo, huwag kang mananalig sa iyong sariling kaunawaan. Bagkus ay manalig ka sa ipinangako Niya, na gagawin niya ito; kung hindi ba naman iyan din ang Espiritung nanahan sa katawang tao, na nakaalam na tumawa si Sarah sa loob ng kubol sa likuran ng Lalaking iyon . . . Tama ba? At ipinangako Niya na bago wasakin ang sanlibutan ng apoy, kapag muling hinayag ng Anak ng tao ang Sarili Niya sa gayon ding paraan, bilang ang — ang Anak na tao (makapropeta) ihahayag Niya ang Sarili Niya sa katawang tao gaya ng kasama natin Siya sa gabing ito, gaya rin noon. Ngayon, ano’ng oras na ba itong kainabilangan natin? Malapit na malapit na sa pagwasak.

225 Mga kaibigan, huwag kayong manatiling nakatayo rito bilang makasalanan. Tanggapin ninyo si Jesus Cristo habang narito kayo sa Kaniyang Presensiya. Ngayon, alam kong, karaniwan at nakaugalian na nating nakikiusap ang mga ministro at nagkukuwento sila tungkol sa mga inang namatay na at sumakabilng buhay na. Walang masama ryan. Ngunit hindi tayo luamalapit dahil namatayan tayo ng ina. Patay na rin ang aking ina, gayon din ang aking ama. Ngunit lumalapit tayo nang buong talino, tumatanggap tayo dahil ipinamalas ng Diyos ang Sarili Niya kay Jesus Cristo

bagay-bagay.” Kung mananalig ka sa sarili mong kaunawaan, tiyak na malilihis ka ng landas. Hindi ka maaaring manalig sa kaunawaan ninuman kapag Buhay na ang pinag-uusapan. Upang makasumpong ng buhay, kailangan mong manalig sa Salita. Iyan ang Buhay.

42 Makikita natin ito mula pa sa pasimula. Napakalinaw na naipabatid ito sa atin mula pa sa pasimula, na ipinagkaloob ng Diyos sa Kaniyang unang pamilya sa lupa ang Kaniyang Salita upang kanila itong ipamuhay. Ngayon, hindi iyon sa pamamagitan ng pagkain ng Salita at iba pa. Datapwat ang Salita Niya ang dapat nilang ipamuhay sa walang hanggan. At habang sinusunod nila ang Salitang iyon, mabubuhay sila nang walang hanggan. Datapwat nang may isang Salitang namali ng puwesto, napatid ang buong kadena, at ang buong sangkatauhan ay nasadlak sa kamatayan. Kita n’yo?

43 Ngayon, mapapansin natin si Eva, na walang alinlangang isang matalinong tao; ang kauna-unahang taong lumabas mula kay Adan, na — na anak ng Diyos . . . At si Eva, na tiyak na nakaranas ng kalagayang iyon na walang kasalanan, walang puwang ang kasalanan, tiyak na mayroon siyang napakagandang konsepto ng kung ano ang Diyos noon. Sapagkat tuwing hapon, siya at ang kanyang asawa ay namamasyal sa halamanan tuwing dapit-hapon, at mukahaan nilang nakakausap ang Diyos. Isang bagay na hindi mapangangatwiran ang magawa ng isang tao ang makasama ang Diyos ng mukhaan araw-araw, pagkatapos ay babaling siya sa pangangatwiran ng isang bagay na maglalayo sa kanila sa Salita ng Diyos.

44 Hanggang ngayon ay mayroon pa ring mga taong ganiyan. Napakadali pa rin nilang mailayo ng pangangatwiran sa Salita ng Diyos, matapos nilang maupo sa Presensiya ng Diyos. Nakita nila kung paanong naipangaral ang Salita ng Diyos, naipamamalas ang Salita ng Diyos, ang mga lasenggo at mga taong makasalanan ay nagpupunta sa altar at nababago sila at nagiging mga bagong nilalang kay Cristo, ang mga taong masasama ang reputasyon ay nagiging mga kagalang-galang na babae at mga maginoong lalaki; at pagkatapos ay tatalikuran nila ang mabiyayang bagay na iyon na umakay sa kanila sa Buhay na ito, pagkatapos ay maililiko sila sa isang uri ng kredo para lang sumikat o — o kaya nama’y para mapabilang sa kung tawagin ay higit na mataas na uri ng mga tao.

45 Aba, kabilang na kayo sa pinakamataas na uri: mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Buweno, mas gusto kong kasama ang mga taong iyan kaysa sa mga hari at mga taong nasa kapangyarihan, at iba pa. Ang gusto ko ay ang mga taong mapagpakumbaba kahit pa nga hindi nila matukoy kung alin ang kanan at ang kaliwang kamay nila. Basta ba kilala nila ang Diyos, at mahal nila Siya,

at naglilingkod sila sa Kaniya, iyan ang mga taong sikat sa Langit, para sa akin. Opo.

46 Ngayon, datapuwat makikita nating madaling nakumbinsi ni Satanas si Eva na lumihis sa Salita, at nanalig siya sa sarili niyang kaunawaan, sapagkat ang paliwanag ni Satanas sa kaniya ay iba kaysa sa tunay na pagkaunawa niya sa Diyos. Datapuwat iba ang sinabi sa kaniya ng kaaway, ni Satanas, at pinaniwalaan naman niya.

47 Ngayon, ay makikita nating ang ibinunga nito. Dahil dito ay nasadlak ang sangkatauhan sa kamatayan, sapagkat ang unang ina sa ibabaw ng lupa ay nanalig sa kaniyang sariling kaunawaan, na taliwas sa Salita ng Diyos at nasadlak ang buong sangkatauhan sa kamatayan. Ngayon, naniniwala ba kayo rito? Iyan ang Salita. Buweno, ang babae ay laging . . .

48 Ang iglesia sa Biblia ay katipo ng isang babae. At ang isang iglesia sa araw na ito ay maaaring tumanggap ng kung anu-anong dogma at kredo, at magiging dahilan ito ng pagkasadlak ng buong kongregasyon sa pagkahiwalay sa Diyos. Ang mga taong iyon na tumatanggap ng mga bagay na iyon sa halip ng Salita ng Diyos ay walang pinagkaiba kay Eva. At paulit-ulit itong nangyayari, hanggang sa ang buong salinglahing ito ay masadlak sa pagkalayo sa Salita ng Diyos.

49 At kapag ang Salita a naipamalas na, nahayag na ang Salita, hindi nila Ito tatanggapin sapagkat ayaw nila Itong sundin, sapagkat nananalig sila sa sarili nilang kaunawaan. “Dito itinatag ang iglesiang ito. Napakaganda ng lugar na ito. Isa itong malaking organisasyon. Kabilang dito ang isang malaking kalipunan ng mga tao. Bakit hindi kami sasali rito? Dito ako nagtitiwala.” Huwag kang magtitiwala sa sarili mong pang-unawa, bagkus ay magtiwala ka sa Salita ng Panginoon.

50 Ngayon, ngayon, sa kahuli-hulihan ay nagwakas iyon sa kamatayan para sa buong sangkatauhan, gaya ng sinabi ko, tulad din naman ngayon, sa napakaraming taong nakasandig sa sarili nilang pagkaunawa, sa kanilang mga dogma at kredo at iba pa, at ang sinasabi, “Hindi totoong lahat ng Salita ng Diyos, at ang iba nito ay kinasihan at ang iba naman ay hindi.” Paano ka sasampalataya sa isang Biblia, kung ang bahagi nito ay kinasihan at ang bahagi nito ay hindi? Kung ang isang — kung isa sa mga sipi nito ay mali, baka mali rin ang kabuuan nito. Dapat ay tamang lahat, tamang-tama.

51 At ilan sa mga nating mga likong Bible school, na nagtuturo ng kaalaman ng tao, ang pagdagsa nito, kung saan ay magtitipun-tipun sila at mauupo sa isang konseho ng mga tao at magsasabi, “Ngayon, tingnan n’yo ang tungkol sa mga kaarawan ng himala, natapos na iyon noon pang panahon

pagmamasdan ko lang siya sa loob ng isang minuto, pagkat para bang napakasinsero niya, sa pagkakaupo niya. Simula nang banggitin ko, ipinikit ng lalaki ang mga mata niya at nagsimula siyang manalangin. Estranghero ang lalaking iyan sa akin; sagutin iyan ng aking mga kamay. Hindi ko siya kilala. Kilala ng Diyos ang lalaking iyan, at magagawa Niyang magpahayag sa akin. Kung totoo ang pangakong iyan sa Biblia, magagawa Niyang ihayag sa akin kung bakit ipinikit ng lalaking iyan ang mga mata niya, at kung ano ang idinadalangin niya. Naniniwala ba kayo?

215 Naniniwala ka ba, Ginoo? Kung bubuksan mo ang mga mata mo, nakaupo ka rito ngayon, tumingin ka rito. Naniniwala ka ba? Mabuti. Ngayon, alam mong hindi kita kilala. Estranghero tayo sa isa’t isa. Ngunit kilala ka ng Diyos. Ngayon, nagsimula siyang umiyak, nananangis siya. Sapagkat maaari ko nang sabihin sa kanya ngayon na tutugunin na ng Diyos ang kaniyang kahilingan (Kita n’yo?), sapagkat iyon ang tumama sa kaniya kanina, ang Liwanag na iyon; mula sa kadiliman, napalitan ito ng Liwanag. Kita n’yo?

216 Ngayon, ang lalaking ito, mayroon siyang taong idinadalangin, at iyon ay ang anak niyang lalaki na nakaupo sa tabi niya. Anak niya iyan. Tama. Ngayon, ang batang lalaking iyan ay may sakit sa tiyan, at may problema rin siya sa bituka. Tama. Tama.

217 Hindi ka tagarito. Hindi ka rin taga-Arizona. Taga-California ka. Tama. At isa kang ministro, at kabilang ka sa Assemblies of God. Totoo iyan. Reverend McKay ang pangalan mo — o, Reverend Kaid, tama. Totoo ba iyan? Ikaway mo ang kamay mo nang paganito. Ngayon, gagaling na ang anak mong lalaki. Ang pananampalataya mo . . .

218 Ngayon, ano? Ngayon naman ay may isang lalaking nakataas ang mga kamay; hindi niya ako kilala; hindi ko siya kilala. Ngunit ano nga ba iyon? Nahipo niya ang Punong Saserdote. Ngayon, kita n’yo, hindi niya magawang manalig sa sarili niya kaunawaan, ngayon, ang kailangan niyang gawin, ano’ng ginagawa niya ngayon? Kailangan niyang paniwalaang ang sinabi sa kaniya ay katotohanan, pagkat alam niyang hindi niya ako kilala. Tama.

219 Narito, narito’t ang isang babae dito mismo sa harapan ko, nakayuko siya. Cancer ang sakit niya. Taga-California rin siya. Sana’y hindi niya ito mapalampas. Bb. Adams, iyan ang pangalan niya. Ngayon ko lang siya nakita sa tanang buhay ko. Siyanga, totoo iyan.

220 May isang babaeng nakaupo sa gawing ito. Hindi ko siya maituro, ngunit nakakakita ako ng isang Liwanag sa ulunan niya. Malalim ang suliranin niya. Una ay may diperensiya siya sa leeg. Isa pa, may — may mga suliranin siyang pang-espirituwal na kasalukuyang bumabalisa sa kaniya. At may problema rin

naririto pa Siya sa lupa sa isang katawang pisikal. Gagawin Niya ito sa katawan mo, sa katawan ko, tayong dalawa bilang isang yunit na sumasampalataya sa Kaniya. Gagawin Niya ito sapagkat ipinangako Niyang gagawin Niya ito.

209 Ngayon, huwag kayong mananalig sa sasabihin ng kung sino, “Oh, iyan ay — iyan ay mental telepathy,” gaya ng tawag nila rito. Ganiyan din ang tawag nila kay Jesus. Ang sabi nila ay manghuhula raw Siya, isang diablo. Ngunit Siya ang Anak ng Diyos, sapagkat dumating Siyang ayon sa ipinangakong Salita ng Diyos.

210 Ngayon, gaya ng sinabi ko, a — ang mga lugar natin, hindi na natin kailangan iyan, ang palapitin kayo rito at ipatong namin ang mga kamay namin sa mga tao. Nagpatong na kami ng mga kamay sa kanila kagabi. Ngunit ang tanging kailangan mo ay ang pananampalataya at pagkatpos ay kilalanin mo. Sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi — hindi ang anumang bagay na . . . Huwag mong sasabihin, “Buweno, paano ba ito mangyayari?”

211 Kung masasabi ko sa inyo kung paano ito nangyayari, hindi na iyan matatawag na pananampalataya. Hindi ko alam kung paano ito nangyayari. Hindi ko alam, ngunit pinaniniwalaan ko ito. Hi — hindi ko alam kung — kung paanong inililigtas ng Diyos ang isang makasalanan, ngunit ginagawa Niya ito. Hindi ko alam kung paano ginagawa ng Diyos ang alin man sa mga bagay na ito, ngunit tinatanggap ko ito. Si — Siya ang gumagawa nito; ganiyan ang nangyayari. Sapagkat hindi ko ito kayang ipaliwanag. Ngayon, buweno, hin . . . Hindi ito maipaliliwanag kailan man. Walang sinumang makapagpapaliwanag nito. Dahil kung kaya mong ipaliwanag, hindi na iyan pananampalataya.

212 Hindi ko maunawaan kung paanong ang Diyos at si Cristo ay iisang Persona, ngunit iisa nga sila. “Ang Aking Ama ay nasa Akin. Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawang ito; kundi ang Ama na nananahan sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa, nagpapakita lang iyan na hindi Ako sa Kaniya. Ngunit kung ginagawa Ko ang Kaniyang mga gawa, kung gayon ay Siya na ang nagpapatotoo na Ako’y sa Kaniya.”

213 Buweno, ganiyan din ngayon, ganiyang-ganiyan din. Siya ay tulad pa rin kahapon, ngayon, at magpakailan man, kung sasampalataya ka.

214 Ngayon, may isang lalaking nakaupo rito ngayon sa harap ko, maitim ang buhok niya. May suot siyang relo sa kaniyang bisig, naka-amerikanang itim. Nakasalamin siya. Maaari kayong tumingin dito, makikita n’yong nakaupo siya ritong nakapikit ang mga mata, nananalangin. Hindi ko kilala ang lalaking iyan. Batid ng Ama sa Langit na hindi ko siya kilala. Ngunit

ng mga apostol.” At maraming tao, sa ilalim ng pamamahala ng obispo o ng taong nakatataas, ay uupo roon at magsasabi, “Buweno, kung sasang-ayon ako sa kaniya, tiyak na ako na ang kasunod na papalit sa kaniya sa kaniyang posisyon.” Kita n’yo, kung gayon ay nananalig ka sa sarili mong pang-unawa, imbes na tumayo ka sa dalawang paa mo sa Salita ng Diyos. Iyan ang dahilan ng mga bagay na ito.

52 Ilang panahon na ang nakalilipas, may isang tao na . . . Nagkaproblema ako tungkol sa income tax. At ang sabi nila sa akin, ang sabi, “Aba, mga trustee mo’y pawang mga puppet lamang, sa palagay ko.”

53 Ang sabi ko, kung mayroon akong kasamang trustee sa aming lupon na iba ang ideya kaysa akin, pagkatapos ay hindi niya kayang manindigan, at (kahit sino pa ang nagsasalita) ipahayag ang sarili niyang pananaw, aalisin ko siya sa lupon.” Opo. Kahit pa nga salungat iyon sa paniniwala ko, nais ko pa ring ihayag niya kung ano sa palagay niya ang tama. Kaya ko nga siya kinuha eh, para malaman kung ano ang masasabi niya. Ngunit mayroon tayo niyan.

54 Pansinin n’yo, ang sabi ni Jesus sa San Juan 10, “Nakikilala ng Aking tupa ang Aking Tinig.” Anupa’t ang Tinig ay ang Kaniyang Salita kapag nangungusap Siya. “Kilala ng Aking tupa ang Aking Tinig. Napatunayan na nilang totoo ang Aking Tinig. Nabindika na sa kanila na Ito nga ang Aking Tinig.” Ngayon, ngayon pansinin n’yo, hindi sila susunod sa ibang tinig. Hindi sila susunod. “Nakikilala ng Aking tupa ang Aking Tinig, at sa isang dayuhan ay hindi sila susunod.” Sa ibang pananalita, hindi nila mauunawaan ang isang makateolohiyang tinig na nagtuturo ng taliwas sa Salita ng Diyos. Hindi iyan mauunawaan ng tupa gaya rin naman ng agila, kagabi, hindi niya mauunawaan ang pagputak ng inahing manok. Hindi nila iyon mauunawaan sapagkat isa siyang agila. At ganiyan din ang nangyayari sa isang tunay na isinilang na muling anak ng Diyos, ang tanging nauunawaan nila ay yaon lamang mga bagay na patungkol Diyos.

55 Ngayon, maaaring may magsabi, “Ngayon, tingnan mo, maaari mong gawin ito, sa palagay ko. Ito’y, sa palagay ko ay hindi ito ganito. Ang paniwala ko’y lipas na ang mga kaarawan ng himala. Hindi ako naniniwalang ang kagalingang iyan ay nagmula sa Diyos. Hindi ako naniniwala rito.” Ngayon, ang isang tunay na isinilang na muling Cristiano, hinding-hindi iyan titigil sa kaniyang tainga; hindi niya iyan mauunawaang lahat. At paano mangyayari na ang isang taong sumasampalataya sa Diyos, at nakababasa ng Biblia, at nakauunawang Siya’y kahapon, ngayon, at magpakailan man, paano niya magagawang tanggapin ang isang bagay na tulad niyan, hindi ko mauunawaan.

Kaya’t hindi sila nananalig sa kanilang sariling pang-unawa.

56 Tulad ito ng i — isang sanggol. Ang isang sanggol, kapag isinilang siya, at minsang napahilig sa dibdib ng kaniyang ina, sususuhin niya ang mainit na gatas mula sa kaniya, ihihilig niya ang munti niyang ulo sa kaniyang dibdib, bagama't ilang oras pa lang siyang nailuluwal. Pagkalipas ng isa o dalawang araw, alisin mo siya sa kaniyang ina, at pasusuhin mo siya sa dibdib ng ibang ina, sisikad ang sanggol na iyon at magpapalahaw ng iyak. Hindi iyon ang ina niya. Kita n'yo, mayroon na kaagad siyang taglay na kung anong bagay sa kaniyang sarili, sapagkat bahagi siya ng kaniyang ina, mangyari ay pinagkalooban siya ng kalikasan ng isang pamamaraan upang malaman niya kung sino ang sarili niyang ina.

57 At kung may paraan ang kalikasan upang makilala ng isang sanggol kung sino ang kaniyang ina, na siyang nagluwal sa kaniya, gaano pa kaya ang isang anak ng Diyos na isinilang ng Espiritu ng Diyos. Kilala niya kung sino ang ina niya. Alam niya sapagkat isinilang siya ng Salita, at nauunawaan niya ang Salita. Ilagay mo siya sa ibang lugar, tiyak na mawawala siya sa — sa tamang lugar, kaagad siyang aalis doon. Sapagkat siya'y, hindi siya nananalig . . .

Maaaring may magsabi, “Ngayon, sandali lang, ito ang ina mo.”

58 Hindi iyon ang ina niya sapagkat may paraan siya upang malaman niya na bahagi siya ng kaniyang ina, iyon ang ina niya, walang ibang maaaring pumalit sa kaniya. Kilala niya ang sarili niyang ina.

59 Pansinin niyo kung paanong — kung gaano ito katotoo, nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay ayon sa uri nito. Kadalasan, kapag tinitipon ang mga baka, dadalhin namin ang buong kawan ng mga baka sampu ng kanilang mga guya; pinagtatakhan ko noon kung paano nila nakikilala ang kani-kanilang mga ina. Ngayon, ha — habang nananaog sila sa bundok, nagkakalahuk-lahok ang mga baka. A — a — ang isang bakang may guya, marahil ay sususo nang kaunti ang isang maliit na gutom na guya sa ibang inahing baka, kung talagang gutom na gutom na siya; ngunit kapag pinatigil natin sila doon sa gitna ng parang, ang inang iyon ay lalakad sa karamihan ng mga baka at guya, at hahanapin din ng guya ang ina niya. Kilala niya ang himig ng pag-unga nito. At tinatawag niya ang kaniyang guya, at ang ibang mga inang baka ay nag-uungaan din hanggang sa hindi mo na marinig ang sarili mong pag-iisip, ngunit matutukoy ng munting guyang iyon ang pagtawag ng kaniyang ina, sapagkat kabahagi ito ng ina.

60 At ang isang isinilang na muling Cristiano na ngmula sa Langit, bahagi siya ng Salitang ito. Tama. Ang ibang ina ay hindi niya susundan. Bahagi siya ng Salita. Nananatili siya sa Salita. “Kung ang pakakak ay magbibigay ng tunog na walang katiyakan, sino ang maghahanda sa pakikibaka?” ang sabi ni Pablo. Alam niya ang tunog ng Salita. Pansinin n'yo kung — kung

ginawa Niya sa Sodoma . . . Ipinangako nga ba Niya ito? Na ipamamalas Niya ang Sarili Niya? Sinasampalatayanan ba ninyo iyan?

201 Ngayon, kung mananalangin kayo, at sa pamamagitan ng pananampalataya . . . Ngayon, huwag n'yong subuking mangatuwiran, “Paano ko ba Siya mahihipo bilang isang Punong Saserdote?”

202 Ngayon, ayon sa Biblia, sa Bagong Tipan, isa Siyang Punong Saserdote sa sandali ring ito. Nananatili Siyang isang Punong Saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec. Isa Siyang Punong Saserdote magpakailan man. Wala nang iba pang Punong Saserdote maliban sa Kaniya, walang ibang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, kundi ang Taong si Cristo. Tama iyan. Siya lamang, at hindi Siya nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man.

203 Ngayon, kung Siya pa rin ang Punong Saserdoteng iyon, at ayon sa Biblia ay mahihipo natin Siya sa pamamagitan ng ating mga dinaramdam, gaya ng babaeng iyon na humipo sa Kaniyang damit, mahihipo rin Siya ng pananampalataya mo ngayong gabi at gayon pa rin ang ikikilos Niya sa katawang tao, tulad ng ginawa Niya noong nasa katawang tao pa Siya doon sa — sa punong encina ni Abraham. Naniniwala ba kayo? Ipinangako Niyang gagawin Niya ito. Ngayon, manalangin kayo, ang sinumang may pangangailangan. At a — ako'y . . .

204 Gaya ng sinabi ko: ang isang kaloob ay hindi parang isang kutsilyo, at kung gusto mong hiwain ito sa pamamagitan nito ay magagawa mo; o kung hihiwain mo ito ay magagawa mo, o anuman ang naisin mong gawin. Hindi ganiyan ang kaloob ng Diyos. Kita n'yo? Hindi.

205 Ang kaloob ng Diyos ay isang bagay na maaari mong isaisantabi ang iyong sarili. At ang mga kaloob at mga katawagan ay itinalaga ng Diyos. “Ang mga kaloob at mga katawagan ay hindi binabawi.” Isinilang kang taglay ito, isa itong kambiyadang kinakabig mo, ngunit hindi ka maaaring tumapak sa pidal. Kita n'yo? Ang Diyos ang nagpapakilos nito. Kailangang isaisantabi mo ang sarili mo.

206 Ang pananampalataya mo ang magpapagana nito, hindi ang akin; kundi ang iyo. Ang sa akin ay ang isaisantabi ang sarili ko. Samapalatayanan mo nang taos sa puso mo na si Jesus Cristo ay nabubuhay sa araw na ito.

207 Huwag kayong mananalig sa sarili ninyong kaunawaan; baka sabihin n'yo, “Buweno, ngayon, tingnan mo nga, ma — malubha ang lagay ko, kapatid. Hindi mo ako kilala. Matagal na akong nakaupo sa wheelchair na ito. Matagal na akong . . . ako'y — masyado nang . . .”

208 Hindi mahalaga sa akin kung ano'ng naging kalagayan mo, at tingnan mo kung hindi bababa ang Diyos upang gawin kung ano ang ginawa Niya noong

194 Tama. Huwag kayong mananalig sa iniisip ninyo, o sa iniisip ng iba. Sa pamamagitan ng pananampalataya ay tanggapin n'yo ang pangako ng Diyos. Gagawin ba ninyo? Ngayon, hindi mahalaga kung tatanggapin ito ng iba, o kung hindi man ito tanggapin ng iba, ngunit paano ka? Ano ang gagawin mo dito kay Jesus na tinatawag na Cristo, na nagpapakilala ng Sarili Niya sa araw na ito, gaya ng ginawa niya noon? Naniniwala ka ba sa Kaniya? Dumalangin tayo.

195 Panginoong Jesus, Hari ng mga hari, Panginoon ng mga panginoon, Diyos ng mga diyos, Diyos ng lahat ng mga taong nasa kapangyarihan; ang Una, ang Huli; ang Alpha, Omega; ang Pasimula at ang Wakas; ang Maningning na Tala sa Umaga, ang Rosa ng Saron, Lirio ng Lambak, Ugat at Sibol ni David; pumarito Ka, Panginoong Diyos na siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.

196 Basbasan mo po ang karamihang ito, Panginoon. Itong . . . [Patlang sa tape —Ed.] naghahanda upang makapaghanda bukas. Nagdaos kami ng munting gawain dito at pinagpala Mo kami. Ipinakilala Mo ang Sarili Mo sa amin. Idinadalangin ko Panginoon na patuloy Mo nawang ipahayag ang Iyong Sarili sa amin. Basbasan Mo kami ngayong gabi. Tulungan Mo po kami ngayon. Kami'y mga taong nangangailangan.

197 At, Panginoon, batid Mong hindi ko gustong pagalitan ang mga tao, ngunit paano ko nga ba patatahimikin ang banal na ningas na ito? Ayaw kong gawin iyon, Panginoon. Kilala Mo ang buhay ko, ang puso ko. Kailangan kong gawin ito. Pagkalooban Mo lang ako ng biyaya, at huwag Mo akong pabayaang manalig sa sarili kong kaunawaan, bagkus ay tulutan Mo akong manalig sa Iyong pangako. Sa Ngalan ni Jesus. Amen.

198 Nais kong bawa't isa sa inyo ay maging totoong magalang sa loob lamang ng ilang sandali. Sa karamihang ito, may mga lalaki't babaeng nakaupo rito ngayon, na walang dudang may mga sakit. Ilan ba ang may sakit at may dinaramdam sa mga naririto ngayon, itaas n'yo ang mga kamay ninyo, sabihin lang ninyo, "Kailangan ko ang Diyos."

199 Ngayon, hindi gasinong marami ang mga taong kakilala ko. Kilala ko ang tatlong kabataang kalalakihang nakaupo rito ngayon. Kilala ko si G. Dauch at ang kaniyang asawang nakaupo rihan. Wa — wari ko'y si Sister Moore ito. Hindi ako tiyak. Ikaw nga ba, Sister Moore? Maliban diyan, wari ko'y wala nang iba. O si Brother Mike na nasa entablado. Iyan lang sa abot ng natatanaw ko, ang kakilala ko.

200 Ngunit ang Makalangit na Ama na siyang nangako, at sa araw na ito ay ibibindika Niya ang Sarili Niya sa kapanahunang ito, katulad na katulad ng

paanong nangyayari ito, ang nakatalagang kamay ng Diyos, ay sumusubaybay sa kanila. Alam niyang nakatalaga siya; nasa katotohanan siya ng Ebanghelyo. Alam niyang isinilang siya ng Espiritu ng Diyos. Alam niyang ang Espiritu ng Diyos ay hindi maaaring tumanggi sa Salita ng Diyos, kaya't hindi siya susunod sa isang dayuhan. Pansinin n'yo kung paanong . . .

61 Tinitingnan ko ang isang talang isinulat ko rito. Di — dinaanan ko na ito, ngunit nagkataon namang nakita ko ang Kasulatang binasa natin, naisip kong balikan itong muli. Pansinin n'yo kung paanong sinundan Siya ng Kaniyang Sariling predestinadong tupa sa mga kaarawan ng pinakamahuhusay na teologong napasa atin. Nagsilabas sila kaagad dahil kilala nila Siya. Alam nila kung ano ang ipinangako ng Salita para sa araw na iyon. Alam nila kung ano ang magiging anyo ng Mesiyas kung darating Siya. At lumapit sa Kaniya si Simon Pedro, na ang dating pangalan ay "Simeon."

62 At sinubukang sabihin sa kaniya ni Andres ang tungkol doon. "Ang lalaking ito ang Mesiyas." Buweno, anupa't may pagka-matigas ang ulo niya, at ayaw niyang pumaroon.

63 Ngunit nang lumapit siya sa Presensiya ni Jesus, nang sabihin ni Jesus, "Ang pangalan mo ay Simeon at anak ka ni Jonas." Ngayon, alam nating sinabi ni Jesus sa Kaniyang apostoles na kilala Niya sila, at Siya — bago pa itatag ang sanlibutan. Sila ang mga katangian ng Kaniyang mga kaisipan. Kaya nga dahil Siya ang binhing iyon na nakahimlay sa kaniya, at alam niyang sinabi ng Salita at naipangako na, na ang Mesiyas ay magiging isang propeta. At nang makita niya iyon, tapos na siya sa pangingisda. Noon din ay alam niyang bibitiwan na niya ang kaniyang lambat, sapagkat hahayo siya — hahayo siya upang maging mamamalakaya ng mga tao.

64 Spagkat may mga ibang taong nangakatayo roon, na nakakita ng gayon ding pangyayari, at itinuring nila iyong isang masamang espiritu. Iyon ang mga teologo dahil hindi iyon akma sa panlasa ng kanilang makateolohiyang kaisipan. At tinanggihan nila iyon, sapagkat nananalig sila sa kanilang sariling pang-unawa, sa pamamagitan ng kanilang doktrina; samantalang dumating si Jesus Cristo sa pamamagitan ng katuparan ng Salitang naipangako, at naging napakabulag nila upang makita iyon. Nanalig sila sa kung ano ang sinabi ng mga pari at simbahan, sa halip na manalig sila sa kung ano ang sinabi ng Diyos.

65 Ngayon, sinaway sila ni Jesus dahil dito. Ang sabi Niya, "Saliksikin ninyo ang Kasulatan, sapagkat sa mga ito ay sinasabi ninyong mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan. At ang mga ito ang nagpapatotoo tungkol sa Akin. Ang mga Kasulatang ipinasasaliksik Ko sa inyo, ang mga ito ang magsasabi sa inyo kung sino Ako."

66 Ngunit ayaw nilang manalig sa sinabi ng Salita, bagkus ay nanalig sila sa kanilang pang-unawa. Nanalig sila sa sarili nilang kaunawaan. At ayon sa Kasulatan ay nalambungan sila. At ang lambong ng sarili nilang teolohiya ang siyang bumulag sa kanila.

Sasabihin mo, “Brother Branham, ano’ng ibig mong sabihin?”

67 Ang ibig kong sabihin ay ito. Ang bagay na iyan ay muli na namang lumilitaw, hanggang sa ang mga lalaki’t babae ay mas nananalig pa sa simbahang sinapian at kinabibilangan nila, kahit ano pa ang sabihin ng Salita ng Diyos. Nagpapatuloy sila rito, nananalig sa sarili nilang kaunawaan, at binabalewala ang Salita ng Diyos, na para bang hindi ito (kalian man) nasulat. Iyan ang buhay ng tao na hindi na-germitize. Mayroon doong pisikal na buhay, ngunit walang espirtual na buhay na maaaring pukawin. May lambong na nakatabing sa kanilang mga mukha.

68 Ngayon, pansinin n’yo, may sarili silang kaisipan kung ano dapat ang Diyos, may sarili silang ideya kung ano dapat ang Mesiyas. Ngunit sinabi na ng Salita kung ano dapat ang Mesiyas. Ngayon, kita n’yo, mayroon silang sariling kaunawaan kung ano dapat ang Mesiyas. Walang alinlangang sinabi ng punong saserdote, “Sa lahat ng mga saserdoteng nasasakupan ko, kapag dumating ang Mesiyas . . . Nakapagtayo na tayo ng isang malaking templo rito. Nakagawa na tayo ng lahat ng ito. At ang sabi ng Biblia, ‘Kaagad Siyang darating sa Kaniyang templo,’ at lahat ng iba pang mga bagay na ito. Pagdating Niya, dito kaagad Siya pupunta at ipakikilala Niyang kasama natin Siya, at sasabihin Niya, ‘Ako ang Mesiyas. Narito na Ako. Ako ang Mesiyas na hinihintay ninyo.’” Buweno, nang dumating Siya, dumating Siyang kaibang-kaiba sa inaasahan nila, kaya’t hindi nila Siya nakilala. Hindi nila nakilala kung sino Siya. Ngunit ang Kaniyang . . .

69 At ano kaya’t may isang ipokritong darating doon at ang sabi, “Ako ang Mesiyas. Ako si Doctor *ganito-at-ganoon*”? Malamang na tanggapin nila siya.

70 Ngunit nang ang makita nila ay isang Lalaking may madilim na kapanganakan, wala Siyang taglay na anumang edukasyong nakuha sa alin mang paaralan, hindi Siya pumasok sa alin mang seminaryo, wala Siyang hawak na fellowship card; datapuwat Siya ang pagpapaliwanag ng Salita ng Diyos na naipamalas. “Ang mga gawang Aking ginagawa ang magsasabi sa inyo kung sino Ako. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawang ipinangakong gagawin Ko, kung gayon ay huwag ninyo Akong paniwalaan.”

71 At hindi ba’t maaari rin nating gamitin iyan sa araw na ito? Pagdating ng Espiritu Santo, na ibig nilang ilagay sa ibang panahon, pagdating Niyang

Paano mong magagawang manalangin para sa mga hari at mga taong matataas ang katungkulan, samantalang hindi mo nga maitama ang grammar mo?”

189 Hindi ako nananalig sa grammar ko. Hindi ako nanalig sa anumang kakayanan ko. Inatasan ako. Alelulia. At hindi ako nanangan sa mga pangangatuwiran.

190 Kung nakinig ako sa pangangatuwiran, marahil ay libu-libong tao na ang nangamatay sa loob ng maraming taong nagdaan. Ngunit dinala ko ang isang Mensahe gaya ng sinabi Niya, na ilang ulit nang nakalibot sa nuong mundo. At aalis na na naman ako sa biyaya ng Diyos; hindi dahil sa mga pangangatuwiran, kundi dahil sa isang atas. Aleluia. Hindi ako nanalig sa . . .

Sasabihin mo, “Limampu’t limang taong gulang ka na.” Kahit pa siyamnapu’t limang taong gulang na ako, wala pa ring kaibahan iyon. Siya pa rin ang Diyos na sumama kay Abraham. Siyanga po. Huwag mananalig sa sariling kaunawaan.

191 At matapos lumabas ang tanda, at ang tinig ay sumunod, at nagsimula akong tanggihan ng mga iglesia at nang isara nila ang mga pintuan nila dahil sa doktrina, at sinuman sa kanila ay hindi nangahas na magsabi sa akin kung tama ba ito o mali. Hinahamon ko ang sinuman sa kanila. Ah-ha. Hindi para ipakitang marunong ako, kundi alam ko kung saan ako nakatayo. Kita n’yo? Tama. Ano ang ginawa nila? Isinara nila ang lahat ng pintuan. “Ngayon, ano’ng gagawin mo?”

192 Nung isang araw doon sa itaas ng bundok, nakatayo ako roon. Ang sabi ko, “Panginoon, mayroong isang bukas na pinto sa akin sa buong bansa, sa abot ng nalalaman ko; iyon ay ang Phoenix, Arizona, iyon na lang ang pintong bukas para sa akin.” Habang pababa ako ng bundok, singlinaw ng pagsasalita ng sinuman, may narinig akong nagsasalita at ang sabi, “Ano ba ang kabuluhan niyan sa iyo? Sumunod ka sa Akin.” Amen. Ayaw ko na ng sarili kong kaunawaan. Mananalig ako sa Kaniyang pangako.

193 Oh, kaibigan, huwag kang mananalig sa mga pangangatuwiran. At saka ka sumigaw, kasabay ni Eddie Perronett nung araw.

Sa dakilang Pangalan Niya!

Yuyukod ang mga Anghel;

Hari Siyang itatanghal,

Panginoon ng lahat;

Panginoong Jesus.

181 Pansinin n'yo. Ang — ang babaeng inaagasan ng dugo, sinabihan na siya ng duktor, ang sabi, “Wala nang pag-asa.” Naubos na ang kabuhayan niya sa mga duktor, at walang sinumang makatulong sa kaniya. At hindi siya nanalig doon. Nang si Jesus . . . Lumakad siya sa karamihan, at ang sabi niya, “Naniniwala akong kung mahihipo ko ang damit ng Lalaking iyon, ay gagaling ako.” Nagpunta siya roon.

182 “Ngayon, hintay,” ang sabi ng duktor, “Hindi ka na gagaling.” Maraming taon na siyang inaagasan ng dugo. Lalo siyang nanghihina sa paglipas ng panahon at lalo siyang lumalala. Suko na ang mga duktor sa kaniya. Iyon lang ang abot ng pang-unawa nila.

183 Ngunit ang sabi niya, sa pamamagitan ng pananampalataya, walang Kasulatang nagsabi sa kaniya upang gawin niya iyon. Ngunit ang sabi niya, “Kung mahihipo ko ang laylayan ng Kaniyang damit, gagaling ako,” at palihim siyang lumapit at hinipo niya Siya. Pagkatapos ay umurong siya at naupo siya.

184 At bumalikwas si Jesus at nagsabi, “Sino ang humipo sa Akin?” Tumingin Siya sa paligid hanggang sa makita Niya siya. Sinabi Niya sa kaniya ang tungkol sa pag-agas ng dugo niya.

185 At sa sandali ring iyon ay may nadama siya sa kaniyang katawan. Hindi niya iyon kayang patunayan, ngunit nadama niya sa sarili niyang katawan na tumigil na ang pag-agas ng dugo. Hindi siya nangatuwiran, na kung tanggihan na siya ng duktor, ano pa kaya ang makatutulong sa kaniya? Hindi siya nagtungo sa pangangatuwiran, kundi sa pananampalataya.

186 Ngayon, ayon sa Biblia, Siya ang ating Punong Saserdote ngayon, na nahihipo ng ating mga karamdaman. Tama ba 'yon? Huwag kayong sasandig sa katuwiran, sasabihin n'yo, “Oh, iyan ay . . .” Ang sabi Niya ay gayon Siya sa araw na ito. Siya sa mga sandaling ito ay isang Punong Saserdote na nahihipo ng ating mga karamdaman. Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man.

187 Ano sa palagay n'yo ang nangyari noong isa pa akong Baptist na mangangaral, at kinatagpo ako ng Anghel ng Panginoon doon at inatasan Niya akong gawin ang kasalukuyan kong ginagawa sa ngayon? Aba, naku, ang sabi ng pastor, “Nasisiraan ka na ng bait. Aba, binangungot ka lang siguro, ika'y . . .”

Ang sabi ko, “Makabubuting kunin mo na ang fellowship card ko ngayon din.”

188 Ngayon, ang sabi niya, “Paano mong magagawa iyan, samantalang hindi ka nga natapos ng mababang paaralan, tapos mangangaral ka sa buong mundo?”

taglay ang Kaniyang mga pagkilos at ang pagpapamalas ng kapangyarihan ng Buhay na Walang Hanggan, ang gustong itawag dito ng mga tao ay i — sang ligaw na panatisismo. Bakit? Nananalig kasi sila sa sarili nilang kaunawaan at hindi sa Salita ng Panginoon. Alam niyong tama iyan.

72 Ang pagkakakilanlan, na ang Sariling Pagpapaliwanag ng Diyos ay ang pagpapamalas ng pangako. Marahil ay kailangan ko itong salitain, para higit ko itong malinaw. Kapag binigkas ng Diyos ang Salita, hindi Siya nangangailangan ng sinumang lalaki o babae, o ng sinuman upang magsabi kung ano ang kahulugan Nito. Nang sabihin Niya . . . Buweno sasabihin mo, “Ganito ang ibig sabihin ng Diyos.” Ang ibig sabihin ng Diyos ay kung ano'ng sinabi Niya. Kita n'yo?

73 Ngayon, paano ba Niya ipinaliliwanag ang Sarili Niyang Salita? Sa pamamagitan ng pagtupad Niya Dito. Ang sabi ng Biblia, “Isang birhen ang maglililihi”; naglihi nga siya. Hindi na iyon nangailangan pa ng pagpapaliwanag. Ang sabi ng Diyos, “Magkaroon nawa ng liwanag,” at nagkaroon nga ng liwanag. Hindi na nangailangan ng paliwanag.

74 Sinabi rin ng Diyos na sa huling mga araw na ito ay ibubuhos Niya ang Kaniyang Espiritu sa lahat ng laman, at ginawa nga Niya. Hindi na nangangailangan iyan ng pagpapaliwanag. Ang kailangan na lang niyan ay ang pagtanggap, ang isang taong makatatanggap ng kung ano ang ginawa na ng Diyos. Hindi na ito nangangailangan ng pagpapaliwanag. Ang Diyos ang nagpapaliwanag ng Sarili Niyang Salita.

75 Ipinangako ng Diyos na tutuparin Niya sa huling araw ang mga bagay na ito na nakikita natin araw-araw.

76 Ang mga tao ngayon, tulad din noon, nananalig sila sa sarili nilang kaunawaan. “Ayon sa pastor ko ay panatisismo raw iyan.” Ngunit ayon sa Biblia ay mangyayari ito. Kaninong pang-unawa ba ang pananaligan mo?

77 Ipinangako ng Biblia na sa huling araw ay magiging napakayaman ng iglesiang Laodicea, at masyado na silang magiging hindi supis — o supisyente sa sarili nila, “Ako'y mayaman. Hindi ako nangangailangan ng anuman. Ako'y nakaupong tulad sa isang reyna.” At mayaman nga siya. At ang sabi Niya, “Hindi mo nalalamang ikaw ay maralita.” Ngayon, iyan ang panghuling kapanahunan ng iglesia, ang iglesia. “Sa iglesia sa Laodicea, ikaw ay hubad, bulag, dukha, maralita, at hindi mo ito nalalaman.” Nakaupo siya sa kaniyang kayamanan, sampung libong makasampung libo, at libu-libo ang mga miyembro, ang kayamanan ng buong mundo ay halos hawak na niya sa kaniyang kamay. Pinagsama-sama nilang lahat — magkasama ang iglesiang

Catolico at ang Protestante, at nagsasanib na sila ngayon, hawak na nila ang kayamanan ng sanlibutan.

78 Wala nang pera ang bansang ito, halos. Inuutang na natin ang buwis na apatnapung taon pa bago natin singilin, ito ang sabi nila sa akin, ganito raw ang sinabi ng “Lifeline.” Ang mga buwis na ginagasta natin ngayon ay babayaran natin apatnapung taon pa mula ngayon. Ang munti kong apo, kung magtatagal pa si Jesus, ang buwis na ibabayad niya pagsapit niya sa gulang na apatnapung taon, ginagastos na natin iyon ngayon, ipinadadala natin bilang tulong sa ibang bansa, samantalang ang sarili nating mga kababayang Indian ay nangamamatay sa gutom; pinipilit nating bumili ng pakikisama. Hindi ninyo mabibili ang kaibigan. Hindi, ngunit iyan ang ginagawa natin. Ganiyan ang pagkakabalangkas sa atin, binubuwisan natin ang taong bayan sa lahat na lang ng maaari nilang pagbuwisan, buwis, buwis, buwis. At hindi pa rin tayo makakabayad sa pagkakautang natin gawa ng giyera da — daan-daang taon mula ngayon, sa aking palagay, at ang nagtulak sa atin dito ay ang mga pulitiko. At ngayon, hindi dapat tayo magkaganiyan. Walang dahilan para tayo magkaganiyan.

79 Ngunit nagsiyaman na ang mga iglesia. “Halos ang buong yaman ng mundo,” ang sabi ng Biblia, “ay hawak ng iglesiang Catolico.” Iyan ang dahilan kung bakit pinalayas siya ng Russia, kung bakit natiwalag ang Russia. Iyon ang naging pinaka-ugat ng Komunismo, dahil gayon na lang kung magturo ang iglesia, samantalang wala silang pagkakaiba sa sanlibutan.

80 Noong nasa Finland kami, nang mabuhay mula sa mga patay ang batang iyon, naroo’t nakatayong tuwid na tuwid ang mga sundalong Ruso, at ang sabi nila, “Tatanggap kami sa Diyos na bumubuhay ng patay.”

81 Nakagawa na tayo ng mga denominasyon, at mga paaralan, at — at mga gusali, at nabigo nating gawin ang ipinagagawa sa atin ni Jesus, ang ipangaral ang Ebanghelyo. Sinikap nating bigyan ng edukasyon ang sanlibutan. Hindi naman Niya sinabi, “Bigyan n’yo ng edukasyon ang sanlibutan; ang sinumang magkaroon ng edukasyon ay maliligtas.” Ang kailangan ay maipanganak kang muli, mapuspos ka ng Espiritu. Iyan ang dahilan kung bakit labis na tayong nabigo saan man. Kita n’yo, nasa atin ang yaman, nasa atin ito.

82 Ngayon, ano ang mangyayari? At kapag ang iglesiang ito, ang World Council of Churches ay nagbuklod na, hindi ba ninyo nakikita kung sino ang magiging pinuno? Hindi ba ninyo nauunawaan iyan, kayong mga Metodista at Presbyterian, at ang iba pa sa inyo, maging kayong mga Pentecostal? Ang sinasabi n’yo ay hindi kayo papasok dito. Kung hindi kayo papasok, wawasakin n’yo ang denominasyon. Isa dito ang gagawin ninyo. Nasa harapan ninyo iyan. Kailangan n’yong gawin ito. Ito’y isang pamimilit, ang

Diyos at manalig sa sarili nilang kaunawaan. Magpahanggang ngayon ay ipinagbibili pa rin nila, hindi sa halagang tatlung piraso ng pilak, kundi para sila maging, oh, isang dakilang opisyal, o sa kung anong karanasan sa seminaryo. Maaaring hindi kasing halaga iyon ng tatlung piraso ng pilak, ngunit ipinagbibili pa rin nila; ipinagbibili nila ang pang-unawa nila tungkol sa Diyos dahil lang sa bagay na iyon.

176 Ibang —iba sa dakilang aral na taong si San Pablo, na taglay ang lahat ng kaalamang maaari niyang ipagmalaki. Ngunit ang sabi niya, “Tinanggihan kong lahat ng pangangatuwiran ko. Nakasalubong ko ang isang Haliging Apoy, isang araw, sa daang patungong Damasco.” At ang sabi niya, “Hindi ako pumariyan sa inyong dala ang mahusay na pananalita, dahil baka manalig kayo sa karunungan ng tao. Ngunit napariyan ako sa kapangyarihan at pagpapamalas ng Espiritu Santo, upang ma — manalig kayo sa Salita ng Diyos.” Amen. Ang sabi, “Kahit pa ang Anghel na mula sa Langit ang dumating, at mangaral ng iba, masumpa siya.” Galacia 1:8. Tama. Hindi po, hindi niya ginawa iyon.

177 Ang babae sa balon, isa siyang imoral na babae. Ngunit alam niyang itiniwalag na siya ng mga iglesia. At, ngunit hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan nang makatagpo niya ang Isang iyon sa balon, na nagsabi sa kaniya ng lahat ng kasalanang nagawa niya; nagmadali siyang pumasok sa kabayanan. Ngayon, hindi marapat gawin iyon ng isang babae, ang pumaroon siya at magsalita, sapagkat isa siyang patotot. Ngunit nang makatagpo niya si Jesus, hindi siya nanalig sa kaunawaan ng mga tao, sa panahong iyon. Dumating siya, ang sabi, “Halikayo, tingnan n’yo ang isang Lalaking nagsabi sa akin ng mga bagay na nagawa ko. Hindi ba’t ito na ang Mesiyas?” Hindi siya nanalig sa kaunawaan niya. Hindi.

178 Ang birheng Mariya, nang katagpuin siya ng Anghel na si Gabriel at sinabi niya sa kaniya na magkaka-anak siya nang hindi nakikisama sa lalaki . . . Whew. Hindi pa nangyari iyon kailan man. Hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan, na ang isang babae ay hindi maaaring magka-anak nang hindi nag-aasawa. Hindi siya nanalig doon. Bagkus ay sinabi niya, “Narito ang aliping babae ng Panginoon; mangyari sa akin ayon sa Iyong Salita.” Hindi niya sinabi, “Paanong mangyayari iyan sa akin? At kailan mangyayari iyan sa akin? At paanong mangyayari ang lahat ng ito?”

179 Ang sabi ng Anghel, “Lulukuban ka ng Espiritu Santo; at ang banal na Bagay na isisilang mo ay tatawaging Anak ng Diyos.”

180 Ang sabi niya, “Narito ang aliping babae ng Panginoon.” Hindi niya tinanggap ang pangangatuwiran niya, at sinabing hindi iyon mangyayari. Ang tanging sinabi niya ay, “Narito ang aliping babae ng Panginoon.” Tama.

sinabi Niya kung sino Siya ayon sa Kasulatan, sampu ng lahat ng bagay tungkol dito. Nakita nilang pinatunayan iyon ng Diyos, na Siya nga iyon, at pagkatapos ay nanalig pa rin siya sa sarili niyang kaunawaan.

172 Paano niya nagawa iyon? Dahil hindi niya iyon taglay sa kalooban niya simula't sapul. Hindi siya binhing na-germitize. Siya ang anak ng kapahamakan, ipinanganak mula sa kapahamakan, nagbalik sa kapahamakan. Ngayon, mapapansin natin. Ngunit lumabas siya, at marahil ay nagkaroon siya ng kaisipan tungkol sa kaunawaan niya. Marahil ay inakala niyang si Jesus . . . gayon na lamang ang paggalang niya sa Kaniya, “Ngayon, alam n’yo, maaari ko siyang ipagbili sa halagang tatlumpung piraso ng pilak. At kung ipagbibili ko Siya, magkakapera ako at magagamit ko iyon. Tatal naman ay kaya Niyang iligtas ang Sarili Niya.” Kita n’yo, wala siyang kamalay-malay na sa Kasulatan ay nakatakda siyang lumitaw upang gampanan ang bahaging iyon.

173 At hindi rin napapagtanto ng mga tao ngayon kung anong kalagayan ang kinasadlakan nila. Nakatalaga na ang iglesiang Laodicea upang magkaganito, pinalabas nito si Cristo, at kumakatok Siya, nagsisikap na muling makapasok, [Kumatok si Brother Branham sa pulpito —Ed.], walang nais makipagtulungan sa Kaniya kahit saan. Binibindika Niya ang Salita Niya sa araw na ito, gaya ng ginawa Niya sa bawat kapanahunan at nilalayuan nila Ito. Nananalig sila sa sarili nilang kaunawaan, iyon — iyon lang iyon.

174 O marahil, ipagpalagay natin na — na naisip niya marahil na kung ipagbibili niya si Cristo sa halagang tatlumpung pirasong pilak, aba, magkaroon siya ng — ng pakikisama sa ilang dakilang denominasyon ng araw na iyon, ang mga Fariseo at mga Saduseo. Sasabihin niya, “Sandali lang, kaya Niyang pangalagaan ang sarili Niya. Nakita ko na Siya sa Kaniyang malalaking pakikipagbaka; a — alam kong — kaya Niyang pangalagaan ang sarili Niya. Kaya’t maaari pa akong kumita, parang ka — kaunting bayad sa pagbibitiw, parang gano’n. At bukod dito, maaari pa akong magkaroon ng magandang katayuan sa mga iglesiang ito ngayon, kung ipagkakanulo ko Siya sa kanila.” Kita n’yo? Ngunit nanalig siya sa sarili niyang kaunawaan, sa halip na sa kaunawaan ng bindikadong Salita ng Diyos, at ginawa niya kay Jesus kung ano ang nakasaad sa Kasulatan na gagawin niya.

175 At sa araw na ito, pinalabas na ng daigdig ng iglesia si Cristo sa mga huling araw na ito, tugmang-tugma sa isinasaad ng Aklat ng Apocalipsis na gagawin nila. Ito na naman ang espiritu ni Judas sa anyo ng iglesia, “May anyo ng kabanalan, ngunit itinataggi ang Salita.” Kita n’yo? Tama ‘yan. Ay, naku, ano ang naging resulta nito? Kamatayan, gaya ng nangyari kay Eva. At ganito rin ang mangyayari sa lahat ng ibang susubok na likuin ang Salita ng

tatak ng hayop. Ganiyan nga iyan, ganiyang-ganiyan nga. Walang pasubaling ang pagiging maka-denominasyon (kaya ko itong patunayan sa pamamagitan ng Biblia) ay ang tatak ng hayop. “Isa siyang patotot; nagka-anak siya ng mga babaeng bayaran.” At alam nating iyan ang Katotohanan. Ang oraganisadong relihiyon, salungat iyan sa Salita, at ang mga alituntunin nito ay anticristo. Hindi naman lahat ng nasa loob nito ay anticristo; ngunit ang mga alituntunin nito, ang sistema nito ay anticristo sapagkat laban ito sa Salita ng Diyos. Lahat ng sistemang organisado ay ganiyan.

83 Hayan ka na (Kita n’yo?) pagkatapos ay mananalig ka sa sariling ka — kaunawaan ng iba, sa halip na manalig ka sa kaunawaan ng Diyos, sa kung ano ang sinabi ng Diyos tungkol dito. Iyan ang dahilan kung bakit mali ito. Ang mga kabataang lalaki na may magandang pinag-aralan, ay nagtutungo sa mga seminaryo, papasok sila sa mga Bible School, na naturingan. At marahil ay mayroon silang — mayroon silang munting katawagan sa kanilang puso. At papasok sila roon at labis na ipagdiin sa kanila ang isang uri ng pananaw, na, “Sinabi ito ni *Ganito-at-ganoon*, ng Obispong si *Ganito-at-ganoon*. Ganito ang sabi ng isang ito. Ganoon ang sabi ng isang iyon. Sumang-ayon ang mga taong bumubuo sa konseho, ganito ang dapat mangyari.”

84 Kahit ano pa ang sabihin ninuman. Ang sabi ni Jesus, “Ang Salita ng tao ay kasinungalingan, at ang Akin ang Katotohanan. Kahit sino pa ang magsalita, ang Salita Ko ang Katotohanan.”

85 Ngayon, paano ba natin malalaman kung ano ang Katotohanan? Kapag ipinahayag ng Biblia na may mangyayari at nangyari nga iyon ayon sa pagkakasabi.

86 Ngayon, ang sabi ng Biblia, nasa kaniya raw ang yaman ng — ng buong mundo: ginto, pilak.

87 Ngayon, kung nakabatay tayo sa ginto, at kung wala na tayong pera, ano ang mangyayari? Alam n’yo, ang mga taong mayayaman sa bansang ito, ang mga naglalakihang pagawaang ito, at ang mga taong gumagawa ng alak at ng tabako, at ng iba pang mga bagay na gaya nito, ay hindi makapaninindigan upang palitan ang pananalapi natin, kaya’t ang maaari na lamang nating gawin ay ang manghiram. At isa lang ang lugar kung saan ay makakahiram tayo. At ang ginagawa natin, ipinagbibili na natin ang pagkapanganay natin dito. Tama. Kung gayon ay ano ang gagawin mo? Pag-aari ka na nito — ng sistemang ito. Wala ka nang magagawa pa.

88 Oh, bayan, huwag sana ninyong iisiping ako’y — maaaring iniisip n’yong nasisiraan na ako ng bait. Ngunit kahit tumahimik na ang tinig ko kung patay na ako, ang mga tape na ito ay patuloy na tutunog, at saka n’yo mauunawaan

na natupad pala ang sinabi ko. Lalabas akong pinakabaliw na tao dahil sa ginawa kong paninindigan maging tungkol sa bagay na ito, la — labas na kalaban ko ang Diyos, lalabas na kalaban ko ang lahat ng sa Diyos kung ako’y — kung nagawa kong — kung mali ako sa aking isipan at katawagan. Ang bagay na ito ay lalabas na kalaban ng Diyos. Ngunit nanindigan ako dahil nakikita ko ito dito sa Salita. Salita ito ng Diyos. Pagkatapos ay nakikita kong nabibindika ito, napapatunayang ito nga’y katotohanan. Iyan ang paliwanag ng Diyos tungkol sa Kaniyang Salita. Ang Sariling pagpapaliwanag ng Diyos sa Kaniyang Salita ay ang Kaniyang pagbibindika at pagpapatunay Dito.

89 Bakit bulag ang mga Fariseong iyon? Ang dahila’t naging napakabulag nila? Sapagkat ayaw nilang tumanggap sa kapahayagan o sa bindikasyon ng Salita. At iyan ang dahilan kung bakit bulag din ngayon ang mga iglesia, dahil ayaw nilang tanggapin ang kapahayagang nabibindika. Kapag sinabi ng Salita, at ito’y nahahayag, at ito’y napapatunayan, hindi pa rin nila matanggap Ito.

90 Iyan ang dahilan kung bakit ang mga Judio, ang mga Judio hanggang sa araw na ito, hindi sila tatanggap. Hindi mo sila maaaring kausapin tungkol kay Cristo, dahil nalalambungan pa rin sila sa mukha: bulag sila sa . . .

91 At ang iglesia, hindi mo sila maaaring kausapin tungkol sa Kabuuan ng Ebanghelyo at sa kapangyarihan ng Diyos, dahil binulag na sila ng diyos ng sanlibutang ito sa mga katotohanan ng Diyos, at nananalig sila sa sarili nilang kaunawaan. Kung nagsisimba ang kababaihan at pinaiiklian nila ang buhok nila, dahil ang sabi ng pastor nila sa kanila, “Oh, walang masama riyon. Nasisiraan ng bait ang lalaking iyon.”

92 Ngunit ang sabi ng Biblia’y gumagawa siya ng mali kapag ginagawa niya iyon; hindi tutugunin ng Diyos ang panalangin niya. At ang ibang babae naman ay nagdadala ng ibang kahihyan sa kagustuhang maging isang mangangaral, tuloy ay doble ang kasalanan niya. Ang sabi ng Biblia’y hindi niya dapat ginagawa ito, alin man dito. Ngunit tatanggapin ito ng organisasyon ng iglesia, oordinahan pa nga siya, at isusugo siya; nananalig sila sa sarili nilang kaunawaan.

93 Isa lamang Salita ng Diyos ang mailagay sa maling puwesto, o mamali ng pagkaunawa, o kaya’y hindi tanggapin, malalagot ang buong Kadena. “Ang tao’y hindi lamang nabubuhay sa tinapay, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos.”

94 Bakit nga ba mga kababaihan, lagi ninyo akong naririnig na nangangaral tungkol sa mga bagay na ito, ang tungkol sa pagsusuot ng shorts, at pagpipinta ng mukha at — at itong pagpapaikli ng buhok, at lahat ng uri ng mga bagay na ito, at taun-taon na lang pagbalik ko ay ganiyan parin ang kalagayan n’yo?

pananampalataya sa kapangyarihan ng Diyos. At hi — hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan. Hindi siya nanalig sa sinabi ng iba. Nanalig siya sa pananampalataya. Sapagkat alam niyang kung nagawa ng Diyos na iligtas siya sa mga kuko ng oso, gaano pa kaya sa Filisteong iyon.

165 Buweno, kung gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa inyo upang hanguin Niya kayo sa kasalanan at puspusin kayo ng Espiritu Santo, ano’ng nangyayari sa inyo na mga kawawang mga taong lampa at walang gulugod sa bangsang ito, hindi ba’t mas lalong kaya Niya kayong hanguin sa inyong mga karamdaman nang mangako Siyang gagawin niya iyon? Sinabi iyan ng Salita ng Diyos. Gagawin nga Niya. Siyanga, iniligtas Niya siya sa kamay niya.

166 Oh, bawat isa sa mga propeta, ano kaya’t nanalig sila sa sarili nilang kaunawaan ng kanilang kapanahunan? Hindi nila magagawang lapitan ang mga saserdoteng iyon, at mga punong saserdote, at tawagin silang pinaputing dingding at lahat na. Hindi nila magagawang manghula nang laban sa kanila. Disin sana’y natulad sila sa mga makabagong propeta, disin sana’y sumang-ayon sila, nagsipagbihis ng magagarang damit, at nakatungtong sa mga palasyo ng hari.

167 Ano kaya’t nanalig si Juan sa sarili niyang kaunawaan? Ngunit lumapit siya roon.

168 Ang sabi nila, “ngayon, sandali lang, Juan, huwag kang mangangaral ng tungkol sa kasal at diborsiyo.” Lumapit siya kay Herodes . . . ? . . . at ang sabi niya, “Hindi marapat na kasamahin mo ang babaeng iyan.” Opo.

169 Sasabihin nila, “Buweno, kilala mo ba kung sino iyon? Siya ang Procla . . .”

“Kahit sino pa siya.” Hindi siya nanalig doon.

170 Ang sabi niya, “Ngayon, alam mong wala kang gasinong tinatangkilik. Naririto ka sa ilang. Hindi ka tatanggapin ng asosasyon, kung ganiyan ang ikikilos mo.” Wala siyang pakialam sa kung anong asosasyon. Hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan, kundi sa kaunawaan ng Diyos. Siyanga.

171 May isang lalaking nanalig sa sarili niyang kaunawaan, at ang pangalan niya ay Judas Iscariote. Oh, siya ay . . . hindi ko maunawaan kung paano niya nagawa iyon. Mukhaan niyang nakasama si Cristo gaya rin naman ni Eva sa pasimula. Nikita niya ang bindikasyon; nakita niya nang mukhaan ang Diyos, gaya ni Eva tuwing dapit-hapon. Tinitingnan ni Eva si Cristo tuwing dapit-hapon sa halamanan. At naupo si Judas sa dapit-hapon doon sa halamanan ng Getsemane at sa iba pang lugar, at tiningnan niya ang Cristo ring iyon; at narinig niya nang magturo Siya, at patunayan ang Sarili Niya sa pamamagitan ng Salita, nabindika Siya bilang ang propetang hinula ni Moises na darating, at

ang laging gustong gawin ng Diablo, kapag naroon na sa labas ang buong seminaryo niya, at lahat sila, kapag dumarating siya. Kita n'yo?

160 Ang munting si David, nagpapalakad-lakad doon, balot ng balat ng tupa; batang-bata, hukot ang balikat, isang napakaliit na lalaking tumitimbang lamang ng isang daang libra, isang daan at sampu marahil, ang sabi niya, “Ang ibig n'yong sabihin, ang hukbo ng Diyos na buhay, na tinuli gawa ng isang pakikipagtipan, kaya nilang tumayo rito at pabayaang laitin ng hindi tuling Filisteong iyan ang mga hukbo ng Diyos na buhay?”

161 Ang sabi ni Saul, “Halika nga rito, bata. Hinahangaan ko ang iyong katapangan ngunit lipas na ang mga araw ng himala. Wala tayo niyan. At may sasabihin ako sa iyo, ano bang fellowship card ang maipapakita mo? Kita mo? Ni wala ka ngang baluti. Wala kang ibang hawak maliban sa tirador na iyan sa iyong kamay. Kita mo? Wala kang Ph.D. o LL.D. Paano mo isasagawa ito? Aba, mandirigma ang lalaking iyon. Aba, siya ay — siya ay isang D.D., double L, Ph.D., LL.Q. Aba, napakarami ng kaniyang titulo, mapupuno niya ang buong dingding nito. At sino ka? Isa ka lamang pastol.”

162 Ang sabi niya, “Ngunit may sasabihin ako sa iyo.” Ang sabi niya, “Alam mo ba?” Ang sabi niya, “Minsan ay pinapastulan ko ang mga tupa ng aking ama,” at ang sabi, “biglang may dumating na leon at sinunggaban nito ang isa sa kanila, at bigla siyang tumakbong palayo. At alam mo, kinuha ko ang tirador at hinabol ko siya, at napatumba ko siya. Kinuha ko ang — ang cordero sa bibig niya, at dinamba niya ako. Kinuha ko ang aking punyal at pinatay ko siya.” Ang sabi, “Pagbalik ko ay may dumating namang oso, sinunggaban nito ang isang tupa at saka tumakbo. Pinatay ko rin siya.” Ang sabi niya, “Ngayon, ang Diyos . . . hindi ang aking Ph.D., hindi ang sarili kong kaunawaan. Hindi ko masabi sa iyo kung paano ko nagawa iyon. Hindi ko alam kung paanong isinasagawa iyon. Ngunit ang Diyos (Amen.), ang Diyos na nagligtas sa akin mula sa mga kuko ng oso at ng leon, lalong kaya Niya akong iligtas sa kamay ng hindi tuling Filisteong iyan.”

163 Ang sabi ni Obispong Saul, “Alam mo, naniniwala akong mayroon ka ngang katawagan, bata. Sasabihin ko sa iyo, kung pupunta ka rito, tuturuan kita kung paanong makipagduwelo. (Kita n'yo?) At sasabihin ko sa iyo, ako — ako ang dalubhasa, kaya't isyuot mo ang aking baluti. Nais kitang bihisan.” Tumayo si David doon at binigyan nila siya ng Ph.D., ng isang LL.D., at lahat ng iyon, at siya — at ang kawawang nilalang, ni hindi siya makagalw. Hindi niya alam kung paano.

164 Ang sabi niya, “Hindi ko ito subok. Hindi sukat sa akin ang pang-eklesiastikang kasuotan. Hubarin n'yo ito. Hayaan n'yong pumaroon akong hawak ang bagay na ginagamit ng Diyos upang tulungan ako.” Iyon ay ang

Iyan ay dahil sa nananalig kayo sa inyong sariling kaunawaan sa halip na manalig kayo sa Salita ng Panginoon.

95 At ang mga pastor, bakit hindi ninyo linisin ang inyong mga iglesia? Sapagkat ang pinupuntahan ninyo ay ang inyong maka-denominasyong kredo sa halip na Salita ng Panginoon. Tama. Huwag kayong mananalig sa inyong sariling kaunawaan. Buweno, huwag kayong mananalig sa inyong sariling kaunawaan, kundi sa Salita ng Panginoon.

96 Hindi nila ito matanggap dahil hindi nila matanggap ang bindikasyon. Dumating si Jesus na dala ang i — isang Ebanghelyo, kung paanong sinabi Niyang darating Siya. Maraming pagkakataon pa nga . . .

97 Bahagyang nalito si Juan nang mabilanggo siya, at na — nanaog siya roon . . . At naipangaral na niya na, “May darating na Mesiyas, at ang hawak Niya sa Kaniyang kamay ay pamaypay; at lubusan Niyang lilinin ang Kaniyang giikan, at susunugin ang mga ipa ng apoy na ang ningas ay hindi namamatay, at titipunin Niya ang trigo sa bangan.” Ang Espiritu ng Diyos ay lumalabas, bumubulwak sa Kaniya tulad sa i — isang bukal. At nang makita niya si Jesus sa paglitaw Niya sa eksena, isang maliit, maamo, maralitan Tao na pinagtutulak-tulakan, dito para sa kabuhayan Niya, at doon. Aba, hindi nila . . .

98 Hindi iyon maunawaan ni Juan kaya't nagsugo siya ng ilan sa mga alagad niya upang alamin nila kay Jesus kung Siya na nga ba talaga iyon. Anong kahihyan ito para kay Jesus, matapos na tumayo roon ang propeta sa tubig, taglay ang Salita ng Diyos, ang sabi, “Nakilala ko Siya, sapagkat nakita ko ang — ang Espiritu Santo na tulad sa isang kalapati, bumaba ang Diyos mula sa Langit na parang kalapati at nagtungo sa Kaniya, at narinig ko ang isang Tinig mula sa Langit, na nagsasabing, ‘Ito ang Aking sinisintang Anak,’” at pagkatapos ay sasabihin ni Juan, “Humayo kayo at tanungin n'yo Siya kung Siya na nga ba iyon, o — o — o maghahanap pa ba tayo ng iba?”

99 Ngayon, hindi siya pinadalhan ni Jesus ng aklat tungkol sa tamang asal sa loob ng bilangguan, o kung aling iglesia ang dapat niyang sapian. Ngunit ang sabi Niya, “Tumigil muna kayo rito nang ilang panahon at manood kayo kung ano ang mangyayari, at humayo kayo at ipakita ninyo kay Juan kung ano ang nakita ninyo at kung ano'ng naisagawa,” sapagkat ang mga gawang ginawa Niya ang nagpatunay na Siya nga ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos. “Mapalad ang taong hindi makasumpong sa Akin ng katitisan.”

100 Napakarami na ng mga taong natisod. Napakaraming tao ang napakadaling matisod sa Salita ng Diyos. Ta — taliwas iyon, nais nilang manalig sa sarili nilang kaunawaan. Ayaw nilang tanggapin ang Salita ng

Panginoon. At kailangan nilang magpatuloy sa — sa paraang itinuro sa kanila, at kung paano silang naturuan — ang iglesia nila ay nananalig dito. Kahit pa ipangako ng Diyos na mag — magpapaulan Siya, uulan kinaumagahan, at ang sasabihin ng iglesia, “Walang kabuluhan iyan,” mas paniniwalaan pa nila ang iglesia kaysa sa Diyos. Dahil bakit? Ipinanganak kasi sila ng Iglesia.

101 Ngunit ang taong isinilang ng Diyos, ay kabilang sa binhi ng Diyos. At ang binhi ng Diyos ay ang Salita ng Diyos, at iyon lamang ang kaniyang ipinamumuhay. Iyon ang Buhay niya.

102 Ngayon, nanalig sila sa sarili nilang pang-unawa, ngunit ayaw nilang manalig sa Salita ng Diyos. Alam nila kung ano ang tama. Nakasaad iyon sa Kasulatan. Tinawag nila iyong masamang espiritu, ang Lalaking iyon. ‘Pagkat bakit? Ang sabi ng saserdote nila, “Ang sinumang makikinig sa pangangaral ng Lalaking ito, ititiwalag sila sa sinagoga.”

103 Samantalang napagaling ang isang lalaking dating bulag, ni Jesus. Maging ang mga mgulang niya ay galak na galak sa natamo niyang kagalingan, ngunit takot silang magsabi na si Jesus ang may gawa niyon. Siyanga.

104 Ang sabi niya — ang sabi niya, “Anak ba ninyo ito?”

Ang sabi, “Oo.”

Ang sabi, “Sino ang nagpagaling sa kaniya?”

Ang sabi niya, “Hindi ko alam.” Aniya, “Nasa hustong gulang na siya, siya ang tanungin mo. Makapagsasalita siya para sa kaniyang sarili.”

105 Sapagkat naipatalastas na na ang sinumang taong mananalig sa Kaniya, sa pang-unawa ni Cristo sa halip ng kanilang pang-unawa, ay maititiwalag sa kanilang iglesia. Ngayon, hindi ba’t ganiyang-ganiyan din ngayon? Hinaharap ko sa inyo ang tanong na ito. Tama. At ganiyan din ang ginagawa nila. Kahit ano pa ang gawin ng Diyos, kailangang umayon iyon sa kanilang pang-unawa, hindi kung ano ang binindika ng Diyos na Katotohanan. Ngayon, at gayon man ay hawak ng lalaking iyon ang sagot.

Ang sabi niya, “Sino ang nagpagaling sa iyo?”

Ang sabi niya, “Isang Lalaking nagngangalang Jesus na taga-Nazareth.”

Ang sabi, “Isa Siyang makasalanan. Hindi namin alam kung saan Siya nagmula.”

106 Ang sabi niya, “Tek, nakapagtataka iyan. Kayo ang mga pinuno ng oras na ito. At ang Lalaking ito ang nagmulat ng aking mga mata, hindi pa iyan nangyari mula pa sa simula ng sanlibutan, pagkatapos ay sasabihin ninyong hindi ninyo alam kung saan Siya nagmula?” Ay, naku.

154 “Ang sabi ng duktor ay mamamatay na raw ako. Sinuri niya ako at ang sabi ay may kanser daw ako, mayroon daw ako nito o anuman iyon. Mamamatay na talaga ako.” Huwag kang mananalig sa kaunawaang iyan. Ang Diyos an inyong Diyos na nagpapagaling ng lahat mong karamdaman. Kaya’t huwag kang manalig sa kaunawaang iyan. Manalig ka sa kaunawaan ng Diyos.

155 Ano kaya’t si Samson, doon sa kaparangan, nang ang mga Filisteo, isang libong kalalakihan ang lumusob sa kaniya? At nakatayo roon ang isang taong animo’y isang napakaliit na kulot na hipon, mga ganito lang siya kataas. Siya ay . . . Buweno, hindi siya sanay humawak ng tabak, ‘pagkat hindi siya marunong; hindi siya nagsanay. Isa lamang siyang maliit na kulot na lalaking baklain, na ang pitong bungkos ng buhok ay nakalaylay: isa siyang mama’s boy na nakatayo roon, at heto at lumulusob ang isang libong Filisteo. Buweno, wala siyang anumang hawak sa kaniyang kamay. Tumungo siya at nakakita siaya ng isang bilad sa araw na puting buto ng panga ng isang mola, at dinampot niya iyon.

156 Ngayon, ang sabi niya, “Tingnan nga natin, balewala ito, dahil ang mga suot nilang helmet sa ulo nila ay . . . Ang mga Filisteong iyon, lahat ng mga suot nilang iyon, lahat sila’y may hawak na sibat. Lahat sila’y nakasuot ng bakal. At ang mga helmet nila ay tumitimbang ng mga labing limang libra bawat isa, napakalalaki ng mga lalaking iyon, lahat sila. Buweno kung ihahampas ko ang marupok na pangang ito ng mola, sa isa sa mga helmet na iyon, aba, magkakapira-piraso ito. Tapos na?”

157 Hindi siya nanalig sa kaniyang kaunawaan. Ginamit niya kung ano ang nasa kamay niya at nagsimula siyang manghalibas ng mga Filisteo. At matapos niyang gapiin ang isang libo sa kanila, hawak pa rin niya ang panga sa kaniyang kamay. Amen.

158 Kahit ano pa ang sabihin ng teolohiya ng tao, huwag kayong mananalig diyan. Manalig kayo sa Salita ng Diyos, “Si Jesus Cristo ay hindi nagbabago, kahapon, ngayon, at magpakailan man.” Tiyak ngang pinaniniwalaan niya iyon.

159 Ano kaya’t nakinig si David sa teolohiya ni Sam — ni Saul? Hayu’t nakatayo roon si Goliath at nagyayabang, at natakot silang lahat. Si Saul, mas mataas siya nang mula balikang hanggang ulo sa buong hukbo . . . Ang sabi ni Goliath, “Lumabas ang isa sa inyo upang makipaglaban sa akin. Hindi na kailangang ma — mamamatay pa tayong lahat. Kung mapapatay ko siya, maglilingkod kayong lahat sa amin. At kung mapapatay naman niya ako, aba, kami ang maglilingkod sa inyo,” sapagkat lamang siya sa kaniya. Ganiyan

mamamatay ka. Ngunit huwag kang mananalig sa ganiyang kaunawaan. Huwag na huwag.

148 Paano naman ang nangyari sa pader ng Jerico, na ang sabi nila ay nakapagkakarera daw sila ng mga karuwahe sa ibabaw nito, ang naglalakihang mga pader na iyon? Ang sabi ng Diyos, “Pumaroon kayo at magmartsa kayo sa palibot nito nang ilang ulit, at patunugin ninyo ang pakakak, at sumigaw kayong lahat, at guguho ang pader.” Buweno, walang pasubaling isa iyong kabaliwan sa karnal na isipan. Ngunit si Josue, alam niya kung gaano kakapal ang mga pader na iyon, sapagkat marami rin siyang itinayong pader doon sa Egipto. Alam niya kung anong klase ng semento ang inilagay nila roon, kung gaano katibay ang mga iyon para magawa nitong dalhin ang karera ng karuwahe doon sa itaas, at may maga bahay pa ngang nakapatong sa ibabaw nito. Ngunit hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan. Pinaniwalaan niyang katotohanan ang sinabi ng Diyos, at sinunod niya ang Salita Niya at nagiba ang mga pader. Hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan.

149 Ano kaya’t habang nakikipagbaka siya, at, gaya ng ipinangaral ko nung Linggo, at palubog na ang araw; sukol na ang kaaway. Sa gabing iyon ay makapagtitipon silang muli at makalulusob silang muli nang may panibagong lakas, mamamatay ang marami sa tauhan niya. Ngayon, ano kaya kung ang sabi niya, “Kailangan ko ng liwanag araw. Kailangan ko pa ng sikat ng araw. Ngayon, sandali lang. Ang Diyos ang nagsaayos nito, at umiinog ang araw at umiinog din ang mundo. Ngayon, tingnan natin, kung sasabihin kong tumigil ang araw . . . Baka pag tumigil ang mundo ngayon sa pag-inog, maiwala nito ang grabitasyon nito, mahuhulog ako?”

150 Hindi siya nakinig sa sarili niyang kaunawaan. Ang tanging sinabi niya ay, “Araw, tumigil ka; at buwan, manatili ka sa kinaroroonan mo,” at sinunod siya nito. Hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan. Bagkus ay nanalig siya sa pangako ng Diyos, “Ibinigay Ko na ang lupaing iyon sa inyo; humayo kayo at angkinin n’yo ito.”

151 Ibinigay na Niya ang pangako ng Espiritu Santo. Maari ninyo itong makuha sa kumbensiyong ito. Maari ninyo itong makuha ngayon.

152 Huwag kayong mananalig sa, “Alam mo, nagsasawa na ako. Sinasabi ko sa iyo; masyadong naparami ang kain ko kaninang hapunan. A — ayaw kong makita ako ni Juan na ginagawa ko ito.” Oh, naku naman, nananalig ka sa sarili mong kaunawaan.

153 “Ang pangako ay para sa inyo, at sa mga magiging anak ng inyong anak, sa mga nasa malayo, sa lahat ng tatawagin ng Panginoon nating Diyos.”

107 Bakit? Nananalig sila sa sarili nilang pang-unawa sa halip na sa Salita ng Panginoon. Sapagkat ang sabi ni Isaias, “Ang bulag ay makakakita; lulukso ang pilay tulad ng isang usa; ang mga disyerto ay mapupuno ng kagalakan.” Ngunit nakikita ba ninyo, nanalig sila sa sarili nilang pang-unawa, hindi sa Salita; bumuo na sila ng sarili nilang sistema.

108 Nagyon, pansinin n’yo, ganito rin ang ginagawa ng mga iglesia sa araw na ito. Nakabuo na sila ng isang dakila at mataas na uri ng pang-unawa sa sarili nilang sistemang maka-denominasyon. Na napakataas ng kanilang kaunawaan ayaw nilang pakialaman ito ng kahit na sino, walang maaaring pumasok malibang kabilang sila sa grupong iyon.

109 Huwag mong sasabihin sa akin; nakatira ako sa Tucson, Arizona. Lumipat ako rito tatlong taon na ang nakararaan; nakipagpulong ako sa konseho ng mga iglesia, at ang sabi ko, “Hindi ako naparito upang magpasimula ng isang iglesia. Naparito ako upang makipag-fellowship sa inyo. Naparito ako upang tumulong sa inyo. Isa akong misyonero, ebanghelista, anuman ang maaari kong gawin.”

Ang sabi nila, “Naparito ka ba upang magpasimula ng isang iglesia?”

110 Ang sabi ko, “Hindi po. Naparito ako . . . Kung gusto ko ng iglesia, mayroon ako sa Indiana.” Ang sabi ko, “Naparito ako dahil pinangunahan ako ng Panginoon sa isang pangitain. Titigil ako rito nang matagal-tagal, malibang pangunahan Niya ako na lumayo rito, ngunit hindi ako naparito upang magpasimula ng iglesia. Naparito ako upang tulungan kayo, mga kapatid.”

111 Tatlong taon na ang nakalilipas magmula noon; wala pang nag-aanyaya sa akin kahit saan. Bakit? Sapagkat nagtipun-tipon sila pagkatapos na pagkatapos noon, at ang sabi, kung sinuman ang magpapatayo sa akin sa kanilang pulpito, ititiwalag nila ang mangangaral na iyon. Nakikita ba ninyo kung bakit? Nananalig sila sa sarili nilang kaunawaan.

112 Malibang ilista nila ang pangalan ma sa aklat, ika pa ninyo, ma — mapapahamak ka. Isang ministro ang nagsabi sa akin niyan. “Oh,” sasabihin mo, “pekeng ministro iyon.” Isa siyang Pentecostal.

113 Kami ni Jack Moore ay naupo roon at nakinig kami sa kaniya sa Dallas, Texas. Ang sabi niya, mapipilitan daw siyang alisin ang pangalan ng isang lalaki sa aklat.

Ang sabi ko “Bakit?”

“Sapagkat nakikisama siya sa iyo.”

Ang sabi ko, “Buweno, eh, di alisin mo.”

Ika niya, “Buweno, mapapahamak siya kung gayon.”

Ang sabi ko, “Mapapahamak?”

“Aba,” ang sabi niya, “kung wala na sa listahan ang pangalan niya . . .”

114 Ang sabi ko, “Ibig mong sabihin, isa kang district Presbyter at naniniwala ka riyan?”

Ang sabi niya, “Iyan ang katotohanan.”

115 Ang sabi ko, “Ibaba mo na ang telepono, ginoo. I — ikaw . . . hindi ganiyan ang biyaya ng Diyos, ang — ang bagay na iyan. Nakikita mo ba?”

116 “Sapagkat sa iisang Espiritu ay nangabautismuhan tayo sa iisang Katawan, at naging sangkap tayo ng Katawang iyon.” Kahit ano pa ang tatak mo, walang kinalaman iyan dito. Walang pasubaling ikaw ay isang Cristiano sa pamamagitan ng kapanganakan; iyan lamang ang tanging paraan. Iyan lamang ang tanging paraan para ka maging Cristiano; hindi sa pamamagitan ng pagsapi, hindi sa pamamagitan ng mga kredo, hindi sa pag-usal nito, o ng pagdarasal ng ganito, o ng iba pang bagay, o sa pamamagitan ng edukasyon, teolohiya. Cristiano ka kung ika’y naipanganak nang muli. “Sapagkat walang makalalapit sa Akin malibang palapitin siya sa Akin ng Ama, at lahat ng ipagkaloob sa Akin ng Ama ay magsisilapit. (Amen.) Muli Ko siyang babangunin sa huling araw.”

117 Itong mga dakilang Bible School na naturingan na nasa atin ngayon, ang sasabihin nila, manalig daw kayo sa sarili nilang karunungan. Ay, naku. Sila, kahit ano pa ang sabihin ng Salita, napakalinaw na ng pagkakapaliwanag nila dito, oh, sa kanilang sarili, napaniwala na nila ang kanilang mga sarili dito, at pinaniniwalaan ito ng mga kauuri nila, na, “Ang mga araw ng himala ay lipas na. Wala iyang sinasabi nilang propeta, mga propeta, mga apostol. Wala iyang sinasabi nilang kaloob ng pagpapagaling, at iba pa. Nagwakas na ang lahat ng iyon noon pang kaarawan ng Biblia.” Kaya nilang paniwalain ang sarili nila dito.

118 Alam n’yo, ayon sa Biblia ay maaari ka raw mapaniwala sa isang kasinungalingan at ito ang magpapahamak sa iyo. Kita n’yo? Iyan talaga ang katotohanan. Bumubuo sila, kahit ano pa ang sabihin ng Salita ng Diyos, nananalig sila sa sarili nilang kaunawaan. Na — nananalig sila rito; pinaniniwalaan nila ito; inaakala nilang ito ang Katotohanan. Maaari kang maniwala sa isang kasinungalingan nang paulit-ulit hanggang sa maging totoo na ito sa iyo. Tama ‘yan.

119 Ngunit paano ba natin malalaman kung Katotohanan nga ang isang bagay o hindi? Pinatunayan ng Diyos na ito nga’y Katotohanan, sapagkat ito’y nasa Salita ng Diyos at binibindika Niya ito. Siya ang nagbibigay ng sarili Niyang pagpapaliwanag.

142 Ano kaya’t nanalig si Moises sa sarili niyang kaunawaan, nang sabihin sa kniya ng Diyos na i — ilalabas niya si Faraon — o ang mga anak ni Israel sa kamay ni Faraon? Ano kaya’t nanalig siya sa sarili niyang kaunawaan, nang nakatayo siya sa tabi ng Haliging Apoy, nang sabihin ng Diyos, “Manaog ka roon at Ako’y sasaiyo”? Ano kaya’t nanalig siya sa sarili niyang kaunawaan nang dalhin niya sila sa Dagat na Pula, at naroon sila sa tubig, at narito’t ipinangako ng Diyos sa kanila ang lupang pangako? Ano kaya’t nanalig siya sa sarili niyang kaunawaan, “Paano kaya ako makakatawid doon sa kabila? Wala nang oras upang magtayo kami ng tulay. Paparating na ang hukbong humahabol sa amin. Heto’t kabundukan ang nasa magkabilang panig. Tubig naman ang nasa harapan namin, ang Dagat na Pula?”

143 Ngayon, kung mananalig siya sa sarili niyang kaunawaan, itataas na lang niya ang kaniyang mga kamay at tatakbo na siya, susubsob siya sa paanan ni Faraon, at magsasabi, “Faraon, patawarin mo ako; nagkamali ako.”

144 Ngunit hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan. Bagkus ay nananalngin siya. At inutusan siya ng Diyos na humakbang nang pasulong, ata nahawi ang dagat, ata taliwas iyon sa lahat ng pangangatuwiran. Ngunit hindi siya analig sa sarili niyang kaunawaan.

145 Ano kaya’t si Josue, nang pumaroon siyang kasama ang sampung denominasyon, at nagpunta siya roon at nakita niya ang lupang ipinangako ng Diyos, at nagbalik siyang kasama nila at nagsabi, “Ngayon, sandali lang. Totoo nga. Para kaming mga tipaklong. Mga higante sila. Paano natin sila lalabanan? Ni wala nga tayong mga tabak, ang hawak natin ay kung ano lang ang nadampot natin. Paano tayong papasok doon upang kubkubin ang lupain? Aba, talagang imposible iyan. Limampu sa isa ang bilang nila kung ihahambing sa atin. Mga kawal silang sanay sa pakikipagbaka samantalang tayo ay isang lipon ng mga tagapastol ng tupa at tagahulma ng putik na lumabas sa Egipto. Paano? Ni wala nga tayong pananggalang at mga bagay-bagay, paano ba natin iyon makukubkob?”

146 Aba, totoong mapapatunayan ng kaunawaan na hindi nila iyon kayang gawin. Ang sinumang taong militar na gaya niya, o maging si Moises man, hindi sila nanalig sa sarili nilang kaunawaan. Ngunit sa kaunawaan nila, ay hindi sila nanalig dito. Ngunit alam nilang sinabi ng Diyos, “Ibinigay Ko sa inyo ang lupaing iyon. Humayo kayo at kubkubin n’yo.”

147 Huwag kang mananalig sa sarili mong kaunawaan. Kung mananalig ka sa sarili mong kaunawaan ngayon at may sakit ka, marahil ay nakaupo ka sa isang wheel chair, mamamatay ka na dahil sa kanser, sakit sa puso, at ang sabi ng duktur ay mamamatay ka na, kung mananalig ka sa kaunawaang iyan,

sa kapangyarihan ng Diyos, at naghanda siya ng isang daong sa ikaliligtas ng kaniyang sambahayan, samantalang salungat na salungat iyon sa sintido kumon. Walang tubig noon sa itaas, hindi pa nagkakaroon ng tubig doon kailan man. Ngunit alam niya na kung sinabi ng Diyos na magkakatubig doon, mangyayari talaga iyon. Kaya't hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan, bagkus, sa pamamagitan ng pananampalataya ay kumilos siya ayon sa pangako ng Diyos. Pinakilos siya ng Espiritu at ginawa nga niya iyon.

138 Si Abraham, hindi siya nanalig sa kaniyang kaunawaan tungkol sa buhay ng tao. Nang pakasalan niya ang asawa niya ay labingpitong taong gulang pa lamang siya. Heto siya, pitumpu't limang taong gulang na, at ang asawa niya naman ay anim na pu't limang taong gulang na, mas bata sa kaniya ng sampung taon.

Ngunit hindi nanalig si Abraham sa kaniyang kaunawaan, nang sabihin ng Diyos na pagkakalooban Niya siya ng isang anak na lalaki sa pamamagitan ni Sarah. Datapuwat tinawag niya ang lahat, lahat ng maka-aghams na patunay na salungat sa Salita ng Diyos, anumang pinag-aralang labas sa Salita ng Diyos, na tila бага hindi iyon gayon. At pinuri niya ang Diyos, naging matatag siya, nagbibigay-puri sa Kaniya. Ni hindi niya tiningnan ang sarili niyang katawan, ni ang pagkatuyot ng katawan ni Sarah, o — o maging ng kaniyang katawan. Hindi niya isinaalang-alang ang anumang bagay, bagkus ay nanalig siya sa pangako ng Diyos. Hindi siya nanalig sa sarili niyang kaunawaan. Hindi siya nanalig sa mga pangangatuwiran.

139 “Aba,” sasabihin n’yo, “Brother Branham, kaya hindi na nagpapagaling ng may sakit ang Diyos ay dahil napakarami na nating mahuhusay na duktor.”

140 Ang sabi ng Biblia, “Iwaksi natin ang mga pangangatuwiran.” Hindi tayo nangangatuwiran. Hindi nangangatuwiran ang pananampalataya. Ang pananampalataya ay naniniwala ata tumatanggap. Pansinin n’yo.

141 Datapuwat naniwala siya, imbes na mag-alinlangan, at tinawag niya ang mga bagay na wala roon, na tila бага naroon na ang mga iyon, na walang pasubaling taliwas sa anumang uri ng pangangatuwiran. Ngunit hindi siya nangangatuwiran. Naniwala lang siya. Walang anumang pangangatuwiran na makapagpatunay na maisisilang nga ang sanggol. Ang babaeng iyon ay dalawampung taon nang lampas sa pagme-menopause, at patay na halos ang katawan niya. At nang isandaang taong gulang na siya, dalawampu't limang taon ang lumipas, patuloy siya sa pagpupuri sa Diyos, laban sa anumang uri ng kaunawaan. Ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya ay batid niyang tutuparin ng Diyos ang Kaniyang Salita. Hindi siya nanalig sa sarili niyang pang-unawa.

120 Paano ba nila ito nagagawa, ano't humahantong sila sa ganito? Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng kanilang kalinangan, ng kanilang edukasyon, ng kanilang mga pang-unawa, ng ka — kanilang titulo, titulo ng pagiging dalubhasa, at ng iba pa, na umano'y galing sila sa kung anong seminaryo at napag-aralan nila ang mga bagay na ito.

121 Ngunit tingnan n’yo, mga kaibigan, makinig kayo. Hindi natin makikita sa Biblia na hinihingan tayong makaunawa. Hindi hinihingi sa atin ang maunawaan Ito. Ang hinihingi sa atin ay ang paniwalaan natin Ito. Paniwalaan natin ito sa pamamagitan ng ano? Sa pamamagitan ng pananampalataya. Kung nauunawan ko na ang Diyos, hindi ko na Siya kailangang paniwalaan. Hindi ko nauunawaan ang Diyos. Walang taong nakaunawa sa Diyos. Hindi ko maunawaan ang Salita ng Diyos, ngunit tinatanggap ko Ito. Pinaniniwalaan ko Ito. Hindi hinihingi sa akin na unawain ko ito.

122 Hindi ako, hindi ako pumasok sa anumang seminaryo at wala sa akin ang dakilang kaunawaan ng kaalaman ng tao tungkol sa bagay na iyan. Ang tanging nalalaman ko ay sinabi ng Biblia na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailan man; at sa ganitong kategorya ko Siya hinahanap. Alam kong ipinangako Niyang gagawin Niya ang mga bagay na ginagawa Niya sa araw na ito; inaasahan kong gagawin Niya ito at ginagawa nga Niya. Tama. Nangako Siya ng biyaya; hinanap ko iyon at natanggap ko iyon. Nangako Siya ng kagalingan; pinaniwalaan ko iyon at tinanggap ko iyon.

123 Ngayon, ayaw kong kunin nang husto ang oras ninyo, ngunit nais kong magtanong ng isang bagay kung magtitiis lang kayo nang isang sandali upang tingnan naman natin ang ilan sa mga taong hindi nanalig sa sarili nilang kaunawaan; ang ilang tauhan sa Biblia, sa loob lamang ng ilang sandali, na hindi sumandig sa sarili nilang pang-unawa, kahit ano pa ang naging kaunawaan ng kapanahunang iyon.

124 Kunin natin, bilang halimbawa, si Noe. Nabuhay si Noe sa isang panahon ng dakilang pananaliksik sa agham. Sa mga kaarawan ni Noe marahil itinayo ang mga pyramid, na ngayon ay hindi nila kayang gawin. Ngayon, wala tayong kakayahang gawin iyon, wala tayong kagamitang maaaring ipangbuhat ng mga malalaking tipak ng bato upang ilagay iyon doon sa itaas. Hindi nila kayang gawin ito ngayon. Noong mga panahong iyon ay mayroon silang isang uri ng kemikal na hinahalo nila sa diyobos at natural na natural ang kulay ng mga damit nila magpahanggang ngayon. Mayroon silang gamot na pang-embalsamo kaya't nakagawa sila ng mga mummy; hindi natin kayang gawin ito kung kailangan. Tayo'y . . . Napakaraming sining na ang naiwala natin

ngayon. Ang araw na kinabubuhayan niya, ay isang napakatalino at maka-
agham na kapanahunan.

125 Tinukoy iyon ni Jesus, na umano’y ang uri ng kapanahunang iyon ay
muling magbabalik bago Siya bumalik, “Sapagkat kung paano ang mga
kaarawan ni Noe . . .” Ngayon, paniniwalaan ninyo iyan, hindi ba?
Naniniwala ba kayong sinbai iyan ni Jesus? Naniniwala ba kayong nagbalik
na naman tayong muli sa kapanahunang iyon? Ngayon, iyan ay nasa Aklat ni
Lucas, sa ika-17 kabanata at sa ika-29 talata.

126 Ngayon, sa Lucas 17:30, sinabi Niya, “At kung paano ang mga kaarawan
ni Lot, nang ang Anghel ng Panginoon . . .”

127 Ngayon, ang binabasa Niya ay ang Biblia ring binabasa natin ngayon. At
nang Siya . . . Balikan n’yo at alamin n’yo kung anong uri ng araw iyon bago
umulan sa panahon ni Noe. Balikan n’yo at alamin n’yo kung anong uri ng
araw ang naroon bago mawasak ang mundo sa mga kaarawan ni Lot. Alamin
n’yo kung ano iyon at mauunawaan ninyo kung ano’ng sinasabi ni Jesus.

128 “Sa mga kaarawan ni Noe, sila’y nagsisikain, nagsisiinom, nagsisipag-
asawa, at ipinakikipag-asawa; hindi nila namalayan hanggang sa pumasok na
si Noe sa daong, at dumating ang baha at tinangay silang lahat.”

129 Sa mga kaarawan ni Lot bago pa ma — matupok ng apoy ang mundo ng
Hentil, ang mga Sodomita, may mga homosexual doon, mga kalikuan, lahat ng
bagay sa sanlibutan. Isang dakilang . . . isa iyong makabagong Los Angeles;
hindi lamang iyon isang makabagong Los Angeles, kundi isang Estados
Unidos; hindi lamang sa Estados Unidos, kundi buong mundo. Tunay na isa
nga iyong kalikuan. Naiwala na ng mga tao ang kanilang likas na
pinagkukunan ng buhay sampu ng kanilang natural na kaunawaan ng sentido
kumon, nailiko na sila ng isang masamang espiritu na siyang bumago ng
takbo ng likas na buhay, at inalihan sila ng mga masasamang espiritu. Kung
hindi ba naman iyan ang larawan ng mga kaarawan ni Noe, hindi ko na alam,
at sa mga kaarawan ni Lot, ang ibig kong sabihin. Gayon din naman sa mga
kaarawan ni Noe, nagsisikain, nagsisiinom, nagsisipag-asawa, pinapag-asawa,
napupuno ang mga hukuman ng diborsyo, at lahat ng bagay gaya rin ng
naganap noon.

130 Ngunit alalahanin n’yo, bago mawasak ang mundo, isinugo si Abraham sa
balat ng lupa at pinangakuan siya ng isang anak. At nakatagpo ni Abraham
ang Diyos sa iba’t ibang antas, bilang tipo ng pagkatagpo ng iglesia sa Diyos.
Ngunit bago pa mangyari ang pagkawasak at bago magbalik o bago pala
dumating ang pangakong Anak, ang Anak na naipangako ay dumating,
bumaba ang Diyos at naipahayag Siya sa katawang tao, sa isang Tao, tatlong

Lalaki. At nanaog sila kay Lot; nagpunta muna sila kay Abraham, at naupo
Sila. At napalitan na ang pangalan ni Abraham, mula sa pagiging Abraham ay
naging Abram; si Sarai ay naging Sarah.

131 At ang Lalaking ito, ang tagapagsalita, si Elohim, nang manaog Siya
upang makipag-usap sa kaniya, ano ang sabi Niya? Ang sabi Niya, “Nasaan
ang asawa mong si Sarah?”

Ang sabi niya, “Nariyan siya sa loob ng kubol sa Iyong likuran.”

132 Ang sabi, “Dadalawin kita ayon sa panahon ng buhay.” At natawa siya sa
loob ng kubol sa likuran Niya. At ang sabi Niya, “Bakit natawa si Sarah?”
Kita n’yo? Ngayon, dapat sana’y kinitil na Niya ang buhay ni Sarah noon din
dahil pinagtawanan niya ang Kaniyang Salita; ngunit hindi Niya magawa
sapagkat si Sarah ay bahagi ni Abraham.

133 At sa araw na ito, ang sabi ni Jesus sa Lucas kabanatang 17 at talatang 30,
“Kung paano ang nangyari sa mga kaarawan ni Lot, ay magkakagayon din sa
huling panahon kapag ang Anak ng Tao . . .”

134 Ngayon, alalahanin n’yo, ang “Anak ng Tao” aty isang propeta. Tinawag
ni Jehovah si Ezekiel na “anak ng tao.” Naparito si Jesus sa tatlong pangalan:
Anak ng Tao, Anak ni David, Anak ng Diyos. Tinawag Niya ang Sarili
Niyang “Anak ng Tao” upang maunawaan ng mga tao, sapagkat Siya ang
propetang iyon na ibabangon ng Panginoong Diyos.

135 Ngayon, pansinin n’yo, nang magkagayon ay ano ang ipinangako Niya?
Muling ihahayag ng Anak ng Tao ang Sarili Niya bago dumating ang
pagkakataong iyon, bago bumuhos ang apoy. At iyon ang kahuli-hulihang
tandang nakita ni Abraham bago dumating ang pangakong Anak; at nagbalik
siya sa pagiging binata at si Sarah naman ay nagbalik sa pagiging dalaga.
Bago pa . . . Ngayon ay pansinin n’yo, malinaw na nakasaad ito sa Mga
Kasulatan, ngayon, kailangan nating abangan ito.

136 At kapag nakita na nating nasadlak na ang sanlibutan sa kalikuan at sa mga
bagay na kinasasadlakan nito sa araw na ito, nagwawala na ito tulad ng
nangyayari ngayon, kung gayon ay paano natin nasasabing tama iyan at
pagkatapos ay hindi natin masabing ang isang ito ay tama. Ang dahilan ay
may tao, nananalig ka sa kanilang kaunawaan at hindi sa kaunawaan ng
Prinsipe ng Buhay na siyang Persona na kasama nilang nakatayo roon sa
pintuan ng Sodoma. Ngyon, mapapansin natin, hindi tayo nananalig sa sarili
nating kaunawaan.

137 Hindi nanalig si Noe sa kaniyang kaunawaan. Isa iyong dakilang maka-
agham na kapanahunan ngunit hindi siya nanalig sa kaunawaan ng kaniyang
panahon. Datapuwat nanalig siya sa pangako ng Diyos, at kumilos siya ayon